


SHALOM

 Ang gawain, ang gawain ko para sa bagong taong ito dahil nasa pasimula pa lang tayo ng bagong taon. Ito ang pinaka una kong malakihang gawain talaga mula nung magbagong taon. Oh, nagdaos po ako ng ilang gabi dun sa amin, at pagkatapos nagpunta sa Fort Huachuca. Ganoon ba ang bigkas n'yo dun? Di ko po makuha kung paano n'yo binabaybay itong Huachuca nang may H. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

2 Hindi po tayo, hindi po tayo magdadaos ng isang gawain na kung sa isang salamin ng sasakyan ay para tanawin ang nasa likuran. Ang isang salamin ng sasakyan na panglikod ay dun lamang nakatanaw sa likod at tinitingnan lang kung saan-saan na ang narating mo. Tayo'y umuusad na ngayon nang pasulong para makita kung saan tayo papunta, kita n'yo. Ang mga bagay na nasa likuran, sabi ni Pablo, "Nililimot ang mga bagay na nasa likuran, nagtutumulín ako sa hangganan ng dakilang pagtawag kay Cristo." At 'yan po ang ninanais nating gawin. Bilang tao, maaari nating tanawin ang nakaraang mga labing-lima, labing-anim na taon na ang nakararaan, nung panahong unang-unang beses pa lang ako rito sa Phoenix, haya't marami nang mga bagay ang nangyari mula noon, mabuti't masama, ang lahat ng 'yan ay tutugaygay sa Paghatol, sa mga kamay ng Diyos. Pero ang tinitingnan ko nga ngayon ay kung ano ang gagawin ko sa parating na taong ito, nakatingin nang pasulong sa ikauunlad pa ng Kaharian, mas marami pang gagawin, lahat po ng magagawa ko para sa Kaharian ng Diyos.

3 Ngayon, sa hapon na ito gusto ko pong ipangusap ang isang pambagong taon na Mensaheng ito sa Iglesya kay Cristo, at bukas naman ng gabi ay magsisimula tayong manalangin para sa mga maysakit. At mamimigay tayo ng mga prayer card sa pagitan ng. . . Sa pagkakaalam ko ang gawain ay magsisimula ng alas siyete, alas siyete y media, kaya mabuting pumarito po kayo ng alas sais o mga kuwadrante ora pagkataos, para po, nang sa gayon makakuha kayo ng prayer card, para hindi po kayo makaabala sa iba pang bahagi ng gawain.

4 Gusto po nating pasalamatang ang—ang tagapangasiwa rito, sa Ramada, para sa pagpapaunlak sa atin na magamit ang gusaling ito para sa gawaing ito, bago ang malaking pagtitipon na ito. Pagpalain sila ng Panginoon.

5 At ngayon kung nais n'yong bumuklat sa mga Kasulatan, kung saan tayo babasa, babasa po ako mula sa Isaias, sa ika-60 kabanata, at sa—sa ika-2, una't ika-2 talata. At sa Mga Awit 62:1-8. Mga Awit 62:1-8 po, muna.

Tunay sa Dios lamang naghihintay ng tahimik ang aking kaluluwa: sa kaniya galing ang aking kaligtasan.

Siya lamang ang aking kanlungan at aking kaligtasan; siya ang aking matayog na moog; hindi ako lubhang makikilos.

Hanggang kailan kayo maghahaka ng masama laban sa isang tao? upang patayin siya ninyong lahat: na gaya kayo ng pader na tumatagilid, at bakod na nabubuwal.

Sila'y nagsisisanguni lamang upang magbagsak, upang ibagsak siya sa kaniyang karilagan: sila'y natutuwa sa mga kasinungalingan: sila'y nagsisibasbas ng kanilang bibig, nguni't nanganunumpa sa loob. Selah.

Kaluluwa ko, maghintay kang tahimik sa Dios lamang; sapagka't ang aking mga pag-asa ay mula sa kaniya.

Siya lamang ang aking malaking bato at aking kaligtasan: siya'y aking matayog na moog; hindi ako makikilos.

Nasa Dios ang aking kaligtasan at aking kaluwalhatian: ang bato ng aking kalakasan, . . . ang kanlungan ko, ay nasa Dios.

Magsitiwala kayo sa kaniya buong panahon; kayong mga bayan, buksan ninyo ang inyong dibdib sa harap niya: Dios ay kanlungan sa atin. Selah.

⁶ Gustung-gusto ko nga ang pagkakasabi ni David diyan ng, “bato.” Mapapansin n’yo po, nang maraming beses, “Ang Diyos ang aking bato.” Alam n’yo po ba ang tinutukoy na bato, sa Biblia? *Ang bato* ay “kapahayagan.”

⁷ Gaya ng sinabi ni Pedro, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos.”

⁸ Sinabi Niya, “Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas. At sa ibabaw ng batong ito, ng kapahayagang ito. . .” Ipinahayag ito ng Diyos sa kanya. “Hindi ito ipinahayag sa iyo ng laman at dugo, kundi ng Aking Ama na nasa Langit. Sa ibabaw ng batong ito, ng kapahayagang ito, ay itatayo Ko ang Aking Iglesya.”

⁹ At heto nga si David ditong isinisigaw, “Ang Diyos ay ang aking bato, aking kapahayagan!”

¹⁰ Ngayon sa ika-60 kabanata ng Isaias, sa una’t ika-2 talata.

Ikaw ay bumangon, sumilang ka; sapagka't ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng PANGINOON ay sumikat sa iyo.

Sapagka't, narito, . . . tatakpan ng kadiliman ang lupa, at ng salimuot ng dilim ang mga bayan: nguni't

ang PANGINOON ay sisikat sa iyo, at ang kaniyang kaluwalhatian ay makikita sa iyo.

¹¹ Manalangin po tayo. Panginoong Jesus, habang binubulay namin ang mga Salitang ito, kami'y dadako na sa pagsisimula ng gawaing ito, para sa Iyong ikapupuri. Iyong pagpalain kami, Ama, hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹² Ngayon, ang paksa ko po sa hapon na ito ay iisang salita lamang: *Shalom*. Sa Hebreo, ang ibig sabihin ay “kapayapaan.” Kapayapaan, o pagbati, kumbaga “sumaiyo ang kapayapaan,” o “maligayang pagdating,” “magandang umaga,” parang isang uri ng—ng pagbati. Pero 'yung pinaka ugat na salita na nakita ko rito sa Hebreo, marami ngang ibig sabihin, pero ang lahat ay tumutukoy sa siya ring iisang bagay, “kapayapaan.”

¹³ Sa atin pong pagsalubong sa bagong taon na ito, tayo po ay sumasalubong sa parehong, gaya ng binasa ko, sa kadiliman at Liwanag. Ngayon heto nga't nakita natin si David, na sinasabi rito, sabi, “Magsitiwala kayo sa Panginoon. Ilagak ninyo ang inyong pagtitiwala sa Kanya.” Sabi ni Isaias, “Daratnan ng masalimuot na kadiliman ang bayang ito; pero ang Iglesya ay magbabangon at sisilang, sa kaluwalhatian ng Liwanag.”

¹⁴ Kaya sinasalubong natin ang taon na ito gaya ng ginagawa natin sa iba pang taon na nagdaan; may—may pagsisisi tayo sa mga nagawa nating pagkakamali sa nakaraan, at may pag-aasam para sa hinaharap ng maluwalhating Liwanag ni Cristo. Hindi maikakatwa, na kung ipamumuhay natin ang buong taon na ito, makakakita tayo ng maraming kamalian na magagawa natin, at inaasahan na natin 'yan dahil kalakip na talaga rito na may positibo't negatibo. Ganoon talaga ang panuntunan ng paninimbang na ipinamumuhay natin dito sa buhay po na ito. Pero tayo nga'y nagagalak na mayroon tayong Tagapamagitan Na nakaupo sa kanan ng Diyos, na namamagitan. Sa panahon na handa na nating tanggapin ang mga pagkakamaling nagawa natin, sa ganoon nga'y pinatatawad Niya sila. Siya'y punung-puno talaga ng biyaya't habag, para patawarin tayo sa ating mga pagkakamali.

¹⁵ Itong masalimuot na kadilimang ito, nais ko pong unahin itong ipangusap, na ito nga'y laganap na talaga sa sanlibutan ngayon, at mas tumitindi nang tumitindi ang kadilimang ito sa paglipas ng panahon. Sa bawat taon na lumipas, nakikita natin 'yan, na ang—ang sanlibutan ay palala nang palala talaga ang kadiliman, sa espirituwal na pangungusap, dahil sila nga'y nangangapa sa dilim. Mas dumarami ang kasalanan. Katatapos lang na dumaan tayo, sa pataksil na pagpatay sa Pangulo, at kung anu-ano pa, at napakaraming tao ang walang habas na napapatay dito mismo sa ating bansa. Haya't, di natin iniisip na mangyayari ang kagaya n'yan sa panahong ito na moderno na ang sibilisasyon, pero tunay ngang narito ito ngayon, dahil ang

masalimuot na kadilima’y lumukob na sa mga tao. Ngayon, sila na mga hindi magsisibaling sa Liwanag, heto nga’t isa lang ang masasabi ko para sa taon na ito na parating, kayo nga’y lalo pang papunta sa mas matindi pang kadiliman sa paglipas ng taon.

¹⁶ Pero doon naman sa mga magsisibaling, sa bagong taon na ito, sa Liwanag, haya’t magliliwanag kayo nang magliliwanag, hanggang sa sakdal na Araw na ’yun na inaasam natin, ang Kanyang pagpapakita, kung saan ang lahat ng kadiliman ay paparam—paparam na. At ang dahilan kung bakit ganoon, ay ito ngang sinasabi ko, sa Iglesya ng buhay na Diyos, ngayon, “Shalom,” sapagkat tayo ang Kanyang mga Liwanag. Sinabi ni Jesus, “Kayo ang Ilaw ng sanlibutan.”

¹⁷ Ngayon, sinabi nga ng propeta, “Masalimuot na kadiliman sa ibabaw ng bayang ito; sa ibabaw ng mga tao sa sanlibutan, masalimuot na kadiliman.”

¹⁸ Napapansin n’yo ba, sa huling ilang mga taon na nagdaan, ang ilan sa inyo na kalalakihan at kababaihan na kasing edad ko, haya’t bawat taon, para bang ang kadiliman na ’yun ay mas tumitindi nang tumitindi? Kausap ko lang nung isang araw, at ang sabi ko sa asawa ko, “Alam mo, para bang, sa paglipas ng mga taon, haya’t para bang ang mga tao’y mas lalong lumalayo nang lumalayo sa tunay na bagay na dapat sila’y mas lumalapit nang lumalapit sana.”

¹⁹ Napansin ko nga, sa mga kalalakihan. Tumingin nga kayo sa mga lansangan, at kalimitan po sa mga kababaihan, masdan n’yo ang kanilang mga paghahangad at mga bagay na gustung-gusto nilang gawin, at sila’y—sila’y nagbabago nang nagbabago ang pag-uugali sa mga panahong nagdaan. Ang lalaki ay mas nagiging babae, at ang mga kababaihan ay nagiging mas lalaki, at para bang walang paraan para isawata ito. Binabaybay ko ang buong bansa, na nangangaral laban dito, at pagbalik ko sa susunod na taon ay hayon nga’t mas malala pa kaysa sa nung pauna akong naroon. Haya’t, ang mga tao naman ay gusto rin naman nilang gumawa nang tama, pero, sila, may kung anong bagay rito na pinipigilan silang gumawa nang tama. Para bang dinidiinan sila pababa, may lumulukob sa kanila. Parang—para pong mabigat, na maitim na ulap na sinakop na nang husto ang buong mundo. Di lang dito sa Phoenix, kundi sa buong mundo nga, para bang may namumuong kadiliman na naiipon, mas lalong kumakapal nang kumakapal, sa paglipas ng panahon, na talagang pinipiga nang pinipiga itong tunay na pagkalalaki, tunay na pagkababae na mawala. Nangungusap nga ako rito sa natural.

²⁰ At, sila, para bang ang . . . parang mas lalong nakakapasok nang nakakapasok ito sa mga kaiglesyahan. At kapag tatayo ka at magsasabi ng isang bagay laban dito, haya’t babatikusin ka nila dahil sa ginawa mong ’yun. Kita n’yo, makikita n’yo—n’yo

nga ito na nakapasok na talaga, at—at kapag nagsalita ka laban dito, mayroon at mayroong ilan na pamamalian ito. Minsan ang mga kababaihan ay iba ang dating nito sa kanila, iba ang dating nito sa mga kalalakihan, mali tuloy ang tingin.

²¹ Minsan nga sa tao, kahit mabuti pa 'yung tao, mas pinipili nilang makiayon sa mga bagay na tulad nito para mapanatili ang kanilang mga karapatan sa hanay ng relihiyon na kanilang kinabibilangan, dahil, kung di sila makikisama, ititiwalag sila, at pagkatapos bahala na sila—bahala na sila sa sarili nila na mag-isa. At dahil sa naitiwalag na sila minsan mula sa isang grupo ng mga tao, mahirap na para sa kanila ang makisapi pa sa ibang grupo, dahil alam ng mga tao roon na kabilang ka dati sa ibang grupo, tapos, “Ano ba kasing nangyari sa dako *riyan?*” Kaya malimit ay kinakailangan mong tumindig sa sarili mong mahigpit na pinaniniwalaan, o magsarili ka na lang, o kaya’y itatwa mo ang mahigpit mong pinaniniwalaan. Kaya mahirap nga para sa mga tao.

²² At kaya naman nagmimistula sa panahon na ito, na di ka na makakakita ng isa na talagang naninindigan, kung paanong ang isang tao ay dapat sanang ganoon. Ako. . . Maging dito sa pagbaling naman natin, mula sa espirituwal, dalhin natin dito sa natural, ako. . . Mistula nga para sa akin na ang kalalakihan ay nagsisipagsuot na ng mamula-mulang kulay rosas na mga sapatos, at lahat ng katulad nun, mistula ngang nagiging mas babae na sila sa paglaon. At ang mga kababaihan naman ay nagsisipanigarilyo na, sa panahon ngayo’y de sigarilyo na sila, at sadyang sila’y. . . at ginugupitan nila ang buhok nila gaya sa lalaki; at para bang 'yung—'yung dating marikit, mahinhin, na pagkababae ay wala na. At 'yung tunay na pagkalalaki naman ay nawala na; lahat na ng nasa isip niya ay puro kasamaan na lang, sa kabilang panig.

²³ Iniisip ko nga na mistula na ngayong tulad na sa pasimula, “bawat pag-iisip sa puso ng tao ay pasama na nang pasama.” Yung—'yung mga programa natin, telebisyon man at—at radyo, di man lang sinasala ang ipapalabas. Yung mga lalaki dun ay sinasabi na nila ang kahit ano, halos, na gusto nila, minsan pa nga nakakapagmura’t nakakapagsabi ng masagwa’t, mahalay na mga biro na—na di nararapat sabihin, na di dapat, di nga sinasabi maski sa bahay-inuman. Pero hayan nga’t sinasabi nila 'yun sa telebisyon o sa radyo, at ipinapalabas diretso sa tahanan ng mga tao. Mistula nang bumalot ang masalimuot na kadiliman sa buong dako. Ang buong mundo’y mistula nang nasalaula ng karumihan.

²⁴ Ngayon, sa maraming taon, sinisikap kong manghawakan sa isang pamantayan, sa Salita ng Diyos. At mas lalo akong determinado sa taon na ito na parating na panghawakan ang pamantayan na 'yan nang mas lalong higit pa kailanman sa buhay ko, kita n'yo, manindigan nang lubos sa Salitang 'yan.

Ngayon, umaasa ako na kung may sinuman na naiisip nila na ginagawa ko lang ang bagay na 'yan para magmarunong, ay hayan nga, kapatid na lalaki, kapatid na babae, nagkakamali po kayo. Ginagawa ko po 'yun dahil ako'y obligado na gawin Iyon. Ako, ako'y obligado na manatili sa Salita. Anuman ang sabihin Nito, di ko nilalagyan ng sariling pagpapaliwanag, sa kung papaanong paraan Ito ay ganoon ko lamang sinasabi. Ngayon marahil may iba na ipinapaliwanag pa nila Ito at ginagawa nila Itong medyo iba ang dating sa pakinig, pero di ko kayang gawin 'yun. Ang tanging lingguwaheng nalalaman ko ay kung ano lamang ang nakasulat Dito, sa kung papaanong paraan lamang talaga Ito.

²⁵ Ngayon, mga, nasa halos tatlong taon na ang nakararaan, ngayon, ay, doon po sa amin, sa simbahan namin, nangusap po ang Espiritu Santo sa akin, sabi, “Magpunta ka ng Tucson, may bagay roon na naghihintay.” Tumayo ako rito sa entablado ito at sinabi ko sa bawat isa sa inyo, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, may bagay na nakatakdang mangyari.” Marahil nasa daan-daan sa inyo na nakaupo rito ang naaalala pa 'yun. Binanggit ko po sa inyo ang nakita ko. Yung Mensahe'y naiteyp sa, *Anong Oras Na, Ginoo?* Nakakita ako ng konstelasyon ng mga Anghel, na gaya ng isang—isang piramide, na bumaba dun lamang sa bandang hilaga ng Tucson; sa gawi *rito*, sa hilaga ng Tucson. At Sila'y may sinabi sa akin na isang bagay, at di ko alam kung tungkol saan 'yun. At isang araw may . . . May isang lalaki na nakaupo ngayon dito, dalawa po sila, na nakasama ko roon, sa dakong 'yun nung mangyari 'yun.

²⁶ At nakunan nila Iyon ng litrato sa himpapawid. Lumabas po 'yun sa—sa magasin. Sa tingin ko po'y nakapagdala ako rito ng kopya nun. Nadala ko nga. Heto po. Makikita n'yo rito sa *Life* magasin, sa kopyang ito, sa paraan na saktong-sakto sa pagkakasabi ng Espiritu Santo na magiging ganoon nga.

²⁷ At dun nga'y tumayo ang pitong Anghel na sadyang natural gaya ng nakikita n'yo ako ritong nakatayo, at sinabi sa akin na ako'y bumalik na sa tahanan ko, na, ang mga hiwaga na bigong makita nung mga repormador ng nagdaang panahon, ang mga hiwaga sa Biblia, na nilalaman ng Pitong Tatak, ay ihahayag. Hinahamon ko ang bawat isa, na kunin ang *Pitong Tatak* na 'yun at siyasatin 'yun, at maghanap ng anumang mali dun. Kita n'yo? Kita n'yo? Dahil ibinigay 'yun na kinasihan ng Diyos.

²⁸ Bago pa 'yun, nangaral po ako patungkol sa *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, at iginuhit ko pa nga 'yun sa pisara sa tabernakulo ko.

²⁹ Ang Doktrina ko, di po ako nangangaral ng Doktrina rito, haya't dakilang pagi-ebanghelyong mga pansaligang turo't aral lamang; dahil kasama ko rito ang mga kapatid ko, na marahil iba po sa akin, at di ko Iyon basta ibinabahagi sa mga tao rito.

Sinisikap ko lang na makapanatili rito sa tunay na pansaligang turo't mga aral sa Kasulatan, katulad nga ng paniniwala natin. Pero, sa tabernakulo ko po, itiniteyp nila Iyon. Kung gusto n'yo po Iyon, maaari po kayong makakuha Nito. Kung ayaw naman ng pastor n'yo na kumuha kayo Nito, huwag n'yo pong kunin Ito. Kita n'yo, nasa sa inyo na 'yan.

³⁰ Pero doon po, nangaral po ako patungkol sa *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, nang may kapahintulutan mula sa Diyos; iginuhit ang mga 'yun, kung papaanong pumasok ang kadiliman sa iglesya, sa Nicaea; at ang mga anghel ng bawat iglesya, ang mga mensahero. Tamang-tama, na, nung maiguhit ko 'yung pinaka hulihng kapanahunan ng iglesya, Linggo ng umaga 'yun noon, alas onse ang oras, 'yung dakilang Liwanag na 'yun ay bumaba sa loob ng gusali, sa harap ng halos kasing dami ng mga taong nakaupo rito ngayon; bumaba at kumislap Mismo sa gilid ng dingding, sa harap ng lahat ng mga taong naroon, at iginuhit ang mga Kapanahunan ng Iglesya na 'yun nang sakto sa naiguhit ko roon. Ngayon, nasa daan-daan na saksi ang naroon para patunayan 'yun. Talagang . . .

³¹ Buweno, ngayon, napagtanto natin na ang Diyos sa tuwina ay ipinapakita muna ang mga bagay-bagay sa langit bago Niya ipakita ang mga ito sa lupa. Katulad nung mga lalaking pantas na sumunod dun sa tala, at ano pa. May tanda muna sa langit na naganap, unang-una, at pagkatapos pinatotohanan na rito sa lupa yaong makalangit na tanda. Ang Diyos ay nakikipag-ugnayan, gumagawa sa pamamagitan ng mga tanda, mga tanda at mga kababalaghan. Lumalakip sa mga mananampalataya ang mga tanda saanmang dako. Ang mga Judio'y mapaghanap lagi sa tanda, dahil sila ang mga pinili ng Diyos, at hinanap nga nila noon ang tanda. "Magpakita Ka muna sa amin ng tanda, saka kami maniniwala." At, mangyari nga, na dumating ang mga lalaking pantas dala-dala ang kanilang kuwento, ang mga Pantas, tungkol sa kapanganakan ni Cristo, magbabagong taon noon.

³² Ngayon natuklasan nga natin na ang buwan, sa Biblia, ay kumakatawan sa iglesya. Ito ang nagpapakita ng liwanag sa lupa, kapag wala ang araw. Sa Apocalipsis, sa ika-12 kabanata, tunay ngang ipinaliwanag diyan nang husto, "ang babaing ang buwan ay nasa ilalim ng kanyang mga paa, ang araw ay sa ulo naman niya." At kung papaanong kapag wala ang araw, kapag nasa kabilang panig ang araw, ang buwan ang nagpapaaninag ng araw dito sa lupa. Ganoon din ang iglesya na ipinapaaninag dapat si Jesus Cristo sa lupa, kapag wala ang Anak ng Diyos. Lahat tayo'y naniniwala riyon. Kakatwang bagay nga po ito, hindi po pangkaraniwan.

³³ Pero sa bagay na ito, nung 1933, tungkol sa papa na umalis sa kanyang lugar, o umalis po, pala, sa Roma, at bumisita sa-sa banal na mga lupain. Magpupunta rin siya rito. At ang

kakatwang bagay nga, ay, nung mga nasa ilang gabi bago siya umalis ng Roma, sa kauna-unahang pagkakataon na nangyari sa buong kasaysayan, bumaba ang buwan at nagkaroon po ng total eclipse. Yung bagay na 'yun, ano po 'yun? Pagtatakip sa pinapaaninag na Liwanag ng Anak. Sa bagay na ito, nakipag-usap siya sa Orthodox na padre; at nagkaroon sila ng pagkaka-sundo, “Ginagawa 'yun ng papa para sa pakikisama, mabuting pakikisama sa kanyang mga kapwa.” Na kung sa pakinig, sa natural na tainga, ay tila pinaka mainam na bagay na nangyari. Pero sa espirituwal na tainga, 'yun ay kadiliman. At papaano ngang tayo na mga kaiglesyahan, tayong mga Presbyterian, Methodist, Baptist, at mga Pentecostal, ay maaatim na sumama sa ganoong kaguluhan, at samantalang napagkikilala natin na ang Biblia nati'y iba ang itinuturo! Labis na nakapagtataka sa akin, na papaanong ang isang tao na puspos ng Espiritu ay magagawang makaupo sa dakong 'yun at sasabihin, “Napaka espirituwal ng pakiramdam na makadako sa dakong ito.” Para sa akin kasi, kahindik-hindik 'yun.

³⁴ Ngayon, sa palagay ko'y nakarating na 'yun sa inyo rito sa Phoenix. Mga ilan sa inyo... Mga ilan kaya sa inyo rito ang nakakita na dun sa mga larawan na iginuhit ko patungkol sa Mga Kapanahunan ng Iglesya? Itaas n'yo po ang inyong mga kamay. Sa tingin ko... Nakikita n'yo ba kung paanong iginuhit 'yun ng Panginoon sa himpapawid, nung isang gabi? Saktong-sakto talaga sa pagkakaguhit ko dun sa tabernakulo. Tugmang-tugma, saktong-sakto sa paraan na ibinigay ito sa akin ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng inspirasyon, tatlong taon na ang nakararaan, sa tabernakulo, hayan nga't nangyari 'yun sa himpapawid. “Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi, ang bawat salita ay papagtitibayin.” Ang Espiritu Santo'y kumilos sa pamamagitan ng inspirasyon; iginuhit ko 'yun sa entablado. Pagkatapos Siya Mismo'y bumaba at pinagtibay Niya 'yun, na ang buwan at ang Liwanag ay pawala, nang pawala, hanggang sa humantong dito sa Kapanahunan ng Laodicea na nauwi sa ganap na kadiliman na naman uli. At heto nga Siya na bumaba at pinagtibay 'yun sa buwan, sa mismong panahon kung saan ang lahat ng mga kaiglesyahan ay nagkakasundo na magkaisa, sa kalipunan ng mga kaiglesyahan.

³⁵ Hindi na nakapagtataka, na sinabi ni Isaias, “Tatakpan ng masalimuot na kadiliman ang lupa, sa bayan na ito.”

³⁶ Alam ko na kinayayamutang lubos ang pagsasalita laban sa organisasyon, pero 'yun po talaga ang tatak ng hayop. Yun 'yung mismong bagay na tumatangay sa atin doon. Isa 'yung paggawa ng larawan na kawangis nung hayop. Hindi ko po sinasabi 'yun para magpagalit. Sinasabi ko 'yun dahil 'yun ang Katotohanan, mga kapatid. Darating ang araw na babangon ang Phoenix, at marahil wala na ako riyan sa panahon na 'yan, pero malalaman n'yo nga na 'yan nga'y GANITO ANG SABI

NG PANGINOON. Totoo po. At mangyari ngang pinagtibay nga ng dakilang Espiritu Santo ang mga Mensaheng 'yan at pauna nang sinabi ang mga bagay-bagay, at ni minsan ay hindi ito nabigo! At bakit nga tayo nangangapa sa dilim? Bakit ayaw magsigising ng mga tao bago pa mahuli ang lahat? Isa sa mga araw na ito, magiging huli na ang lahat, kapag tinanggap n'yo na ang tatak, at sa puntong 'yan ay wala nang. . . Wala na nga kayong magagawa pa sa bagay na ito, nabitag na kayo mismo sa sistema, kayo'y tinatakan na mismo sa sistema.

³⁷ Bakit di na lang kayo magsidulog kay Cristo, mapuspos ng Liwanag ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo, ng Kapangyarihan Niya na bumubuhay mag-uli na magagawang magpalaya sa inyo, at gagawin kayong isang ilawan sa ibabaw ng burol? Kahit gaano pang kadilim ang mangyari. Sasabihin, "Buweno, bakit di na lang natin kasi gawin 'yun? Lahat naman sila'y. . ." Pakinggan n'yo po, ngayon na mismo ang oras na dapat n'yo itong pagliwanagin, sa panahon na sukduhan ang dilim. Doon nga nagniningning nang husto ang Liwanag, kapag Ito'y nasa kadiliman. Dapat nating pagliwanagin sa tuwina ang Liwanag kung saan may kadiliman.

³⁸ Sabi ng propeta, "Tatakpan ng masalimuot na kadiliman ang bayan," at tunay na 'yun nga ang ganap na Katotohanan.

³⁹ Ngayon nalaman natin kung ano ang nagbunsod sa buwan na paaninagin ang liwanag. Ipinakita 'yun ng Diyos, una, sa pisara; tapos, sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Presensya; tapos sa himpapawid ay nagpakita Siya ng tanda. At mula dun sa Roma ay umalis ang papa, nagpunta ng Palestina; na, sa karaniwang mata, ang mga tao'y nagsihiyawan at nagpatirapa, at sinamba 'yung lalaki. Na kung may bagay nga na hihigit sa pagiging salungat ko sa kanya ay ang pagiging ministro ko na bakit ako makikisama sa ganoon. Iisang espiritu sila dun.

⁴⁰ Mistula ngang ang masalimuot na kadiliman ay lumukob na sa mga tao na humantong na sa iniisip nila na ang tanging bagay na magagawa na lamang nila ay magsidalo sa simbahan at maging mabuting tao, ilagay ang iyong pangalan sa aklat ng pagdalo, at kung anu-anong mapaghimalang bagay, "Pipihitin daw ng Diyos ang susi kapag namatay ka na't, papalitan 'yang espiritu mo sa iyo, na maging sa Kanya." Nagkakamali kayo. Kapag namatay kayo, 'yang espiritu n'yo na nasa inyo, 'yan ka na magpasa walang hanggan. At alalahanin, ang mga Fariseo, mga Saduceo, at iba pa, sila'y tunay na mga relihiyoso talaga.

⁴¹ Ang Diyos ay mapanibughuing Diyos. Mapanibughuin Siya, at nais Niya na ang asawa Niya ay malinis. Nais Niya na siya'y birhen, dalisay. Walang anumang bagay sa sanlibutan ang dapat na matatagpuan sa kanya, kahit na ano; ang buong Salita lamang Niya, bahagi Niya. Kinakailangan nating maging bahagi ng Salita. Hindi kabahagi ng kredo; bahagi ng Salita! Hindi

kabahagi ng iglesia; bahagi ng Nobya! Hinatulan na ang iglesia, alam natin na iwinaksi na siya sa kadiliman sa labas, pero ang Nobya ay iaangat.

⁴² Ngayon kung ang mga tao lang sana ay magigising kahit kaunting sandali lang at mapagtatanto ang bagay na dakila. Pagkapalalo kasi ang may bunsod nito. Ang dahilan nga'y mga tao na—na gustong maging katulad sila ng iba pa sa mundo. Di n'yo puwedeng gawin 'yun. Di kayo sa sanlibutan. Sa palagay n'yo ba ang isang babaing nakahimlay na sa kabaong niya ay magagawa pang isipin kung ang buhok ba niya'y gupit-kopa, o kung anumang ang tawag n'yo dun? Sa palagay n'yo papansinin pa ng babaing ito ang paraan ng pananamit niya kung siya'y nakahimlay na roon sa isang kabaong, o isang lalaki? Di nga nila gagawin 'yun.

⁴³ At ang dahilan, ngayon, kung bakit nagkukumahog tayo sa maraming bagay ng panggagaya sa anumang mayroon ang mga kapitbahay natin, o kung anong mayroon dun sa mga sikat sa Hollywood, o kung anong mayroon dun sa mga nauuso, o mga bagay na gaya nun, ay dahil di pa tayo namamatay kay Cristo at sa Salita Niya. Ano bang nangyayari sa mga kaiglesyahan? Tayo'y nasa kadiliman, nangangapa-ngapa sa kadiliman. Sabi, "Magkakaroon ng masalimuot na kadiliman na lulukob sa mga tao." Ang masalimuot na kadiliman ay nasa mga tao na!

⁴⁴ Ano ang ipinapahiwatig talaga nito? Ito ang ipinapahiwatig nito, na kapag ang mundo... Ang nagbunsod sa buwan na magdilim, ay dahil ang—ang araw... ang mundo ay humarang sa aninag ng araw, na pinapaaninag nito mismo sa mundo. Ang mundo ay humarang sa aninag. Yan ang nangyayari ngayon sa kaiglesyahan. Yan ang nangyayari ngayon sa Presbyterian, Methodist, mga Pentecostal. Yan ang nangyayari sa ating lahat ngayon. Hinaharangan ng mundo ang Liwanag na dapat ay umaaninag, iinog ito sa sarili nito at haharangan Iyon, at, sa pagdaan nila sa isa't isa, ay magbubunsod 'yun ng kadiliman na tatakip dun.

⁴⁵ At ang sanlibutan ay nakapasok na sa kaiglesyahan, sa—sa pangalan ng denominasyon, sa pangalan ng kung anong kredo, at "kami'y relihiyoso at *ganito* at *ganito*," pero sa kabila nun ay itinatangi ang kapangyarihan ni Cristo na bumubuhay mag-uli na nagpapatotoo sa Kanyang Salita na iprinopesiya para sa panahon na ito. Magkakaroon ng Liwanag sa pamamagitan ng Salita ng Diyos lamang. Alam natin 'yan. Ang Diyos, doon sa pasimula, ay nagwika, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon nga ng liwanag, pagpapatotoo sa Kanyang Salita na Kanyang sinalita.

⁴⁶ Kadiliman, pinadilim! Tumapat ang sanlibutan sa linyang dinadaan ng pagpapaaninag ng araw sa buwan, at tinakpan 'yun ng kadiliman. Ganyan nga ang nangyayari sa natural, o sa

espirituwal. Kung papaanong nangyari 'yun sa natural, pauna nang ipinakita at sinabi sa atin, nang eksakto kung ano mismo ang nangyari.

⁴⁷ Ngayon, nakita n'yo naman kung anong kinahinatnan nun sa huli. Marami sa inyo na mga kabataan, hindi na nga kayo tatanda nang mas matanda pa bago n'yo pa makita ito, hayan nga, kung mabubuhay pa kayo nang tatlo o apat na taon.

⁴⁸ Ang buwan ngayon, narito tayo sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea. Sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, sa lahat ng iba pang iglesya, ang Laodicea, ang huli't, malahiningang kapanahunan ng iglesya, si Cristo ay nasa labas ng iglesya. Alam 'yan ng kahit sinong nagbabasa ng Biblia. Apocalipsis 3, Siya'y nasa labas ng iglesya, sinusubukan Niyang makapasok uli, at wala ngang nabanggit dun na nakapasok Siya. "Subalit ang lahat ng iniibig Niya, ay Kanyang sinasaway at pinapalo." Sasawayin at papaluin ng Mensaheng ito ang mga iniibig Niya. Ngayon, kumakatok doon, sinusubukang makapasok; tinakpan naman Ito ng kadiliman, saktong-sakto sa kung ano talaga ang nagaganap. Ang Liwanag na nagliliwanag, di magtatagal ay ganap nang matatakpan. Hahantong ang lahat sa pag-aanyo ng larawan ng hayop. At alam natin ang ibig sabihin n'yan, nasa huling panahon na talaga.

⁴⁹ Ang Diyos, sa pasimula, ay inihawalay ang liwanag mula sa kadiliman, at 'yan na 'yan uli ang ginagawa ng Diyos ngayon. Inihihawalay ng Diyos ang liwanag mula sa kadiliman. "Sa pasimula," sinabi nga Niya, "magkaroon ng liwanag." Ngayon, alalahanin n'yo, di puwedeng magkaroon ng iba pang liwanag maliban sa Salita ng Diyos. Yang mismong araw diyan sa labas ang Salita ng Diyos, na pinagtibay. Nagkaroon ng masalimuot na kadiliman na lumukob sa lupa, makapal na ulap at hamog sa lupa, at sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag." Ngayon ano kaya kung di nagkaroon ng liwanag? Kung ganoon ay di nagdulot nang mabuti ang pagsasalita Niya. Pero heto nga na nung sabihin Niya, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon nga ng liwanag, pinapatotohanan na ang Kanyang Salita ay tama talaga. Yang liwanag na 'yan na ipinamumuhay natin ngayon.

⁵⁰ At ang tanging Liwanag na maaari nating taglayin ngayon, sa iglesya, ay ang Diyos na pinatutunayan ang Liwanag Niya sa henerasyon na ito.

⁵¹ Bawat henerasyon ay may inilaan sa kanila na sapat, na magaganap sa kanilang kapanahunan. Alam nating lahat 'yan. Dumating sa eksena ang mga propeta. Sila, ang Salita ng Panginoon ay dumating sa kanila, naunawaan Iyon. Ang isang *tagakita*, sa Lumang Tipan, ang ibig sabihin ay, "sa kanya na pinagpahayagan ng Salita." At papaano 'yun napagkilala ng mga tao, kanya kasing nalalaman bago pa man ang mga bagay na

parating. Haya't ang Salita ng Diyos ay dumating sa kanila, sa bawat kapanahunan.

⁵² Sinabi ni Jesus kay Juan, patungkol kay Juan, "Siya ang ilawang maningning at lumiliwanag, nang kaunting panahon." Bakit? Si Isaias, pitong daan at labing dalawang taon bago si Juan maipanganak, ay nagsabi, "May isang tinig na sumisigaw sa ilang." Malakias, sa ika-3 kabanata, sabi, "Narito, isinusugo Ko ang Aking sugo sa harapan Ko, upang ihanda ang daan sa unahan Ko." Kita n'yo, Siya ang Salitang 'yun na pinagtitibay. Ang Salita na ipinangako sa panahong 'yun, siya ang liwanag, dahil ipinangyari niya ang bawat Salita na ipinangusap ng Diyos patungkol sa kanya.

⁵³ At noong dumating si Jesus, sabi ni Juan, "Kailangan ko nang mawala nang unti-unti ngayon; kinakailangang Siya na ang malantad sa eksena." At si Jesus ang liwanag. Sa lahat ng nagdaang mga kapanahunan, tunay na ipinangusap ng Diyos ang pagsapit ng oras na 'yun!

⁵⁴ Papaano ngang nabigo ang mga saserdote roon na makita Iyon? Papaanong nabigo sila? Papaanong nangabigo ang mga Pariseo't mga Saduceo na makita ito? Sinabi Niya, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagkat sa mga Iyon ay iniisip ninyo na mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang siyang nagpapatotoo tungkol sa Akin." Papaano ngang nabigo sila na makita Iyon, mga kapatid? Dahil nga naipropesiya na noon pa man na 'yun na 'yun ang gagawin nila.

⁵⁵ At ganoon din ito sa panahon ngayon, na ang masalimuot na kadiliman ay lumulukob na sa mga tao, at heto na nga tayo! Naglaan ang Diyos ng Kanyang Salita na ihahayag sa panahon na ito, at 'yun lamang ang tanging Liwanag na taglay natin, at ang Diyos nga'y magpapangyari na may tao na magpapahayag sa Salitang 'yun. Mayroon at mayroong magpapahayag nun. Kanya 'yung ipinangako, at ang paraan Niya ng paggawa dito ay sadyang sakto sa lagi Niyang paggawa rito.

⁵⁶ Hindi Niya kailanman binago ang Kanyang pamamaraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. Ipropesiya Niya ang bagay na magaganap, pagkatapos magsusugo Siya ng isang tao at pagtitibayin 'yun. At lampas-lampasan lang ito sa ulo ng milyun-milyon, dahil, tumakip na ang kadiliman sa lupa sa panahon na ito. At mas ginugusto ng tao ang kadiliman kaysa sa gustuhin nila dapat ang Liwanag, dahil sa kadiliman ay napakaraming mapag-aaliwan.

⁵⁷ May nakita po akong Hollywood na dula, di pa katagalan, sabi, "Nagsisimula ang buhay pagkatapos na lumubog ang araw." Aba'y kamatayan ang nagsisimula riyan; lahat nitong mga night club, at kung anu-anong lugar na iniisip nila na sila'y nabubuhay. Sila'y nangangamatay.

58 Ang Diyos, sa pasimula, ay inihiwalay ang liwanag mula sa kadiliman. Ganoon sa tuwina ang ginagawa Niya. Ano ang ginagawa Niya? Itinutulak Niya palayo, sa pamamagitan ng parating na Liwanag, itinutulak Niya palayo ang kadiliman papunta sa kabilang panig ng mundo.

59 At 'yan na 'yan mismo ang nagaganap ngayon. Pasimula na ng araw. Ang tala sa umaga'y lumilitaw na para ianunsyo ang araw na parating. At ang Espiritu Santo'y nagpapakita ng Kanyang Liwanag. Sumasapit na sa panahon na ang Liwanag at ang kadiliman ay dapat na mapaghiwalay, sa isa't isa. Ang iglesya't panuntunan nito ay sasama sa kalakaran ng panahong ito; at si Cristo't Kanyang ipinangakong Salitang-Liwanag ay doon naman sasama sa Pag-agaw. Yun na lamang ang tanging bagay na natitira nilang gawin. Ito na ang araw, ito na ngayon, ang pagsibol ng isang panibagong araw, para sa marami na naghihintay sa Kanyang Pagdating.

60 Napakaraming, mabubuti't sinserong mga tao sa panahon ngayon, na 'yan ang nag-aapoy sa mga puso nila, napakarami ngang, mabubuti't sinserong mga tao gaya nina Maria at Jose. Sila'y manggagaling sa kapistahan, at nakaligtaan nila si Jesus. Maraming tao ang ganyan na ganyan ang ginagawa sa panahon ngayon, iniisip na Siya ay kasama nila. Ngayon, gusto ko pong ilagay sa inyo ang munting liwanag na ito, para ipakita sa inyo kung gaanong hiding-hindi nagkakamali ang Salita ng Diyos.

61 Tayong lahat dito, sa hapon na ito, na mga Cristiano, ay nananampalataya na si Jesus Cristo ay ang Salita ng Diyos, na nahayag. Naniniwala tayo na Siya'y ipinanganak ng isang birhen. Siya ang tabernakulo kung saan nanahan ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, dito sa lupa. Di lang basta propeta, di lang basta ordinaryong tao, bagkus Diyos Mismo na nahayag sa anyo ng isang tao. Siya ang *Emmanuel*, "kasama natin ang Diyos." Sinasampalatayanan natin 'yan, nang buo nating puso. Ngayon pansinin n'yo nung si Marta o . . .

62 Si Maria, ang ibig kong sabihin, at si Jose, ay iniisip nila na si Jesus ay kasa-kasama nila, inaakala lang nila na Siya ay kasama nila, iniisip na, "Maayos naman siguro ang lahat. Siya ay tiyak namang kasama namin." Pero sila nga'y lubhang nagkakamali. Siya pala'y di nila kasama.

63 Napakaraming, mabubuting tao ang katulad n'yan ngayon. Iniisip nila, yamang nakikita nila na paparating na ang oras, alam nila na may bagay nga na nakatakdang mangyari, ano ang ginagawa nila? Umaanib sila sa iglesya, iniisip na Siya ay kasama nila. Nakikipagkamay lang sila sa mangangaral, iniisip na 'yun lang ang dapat nilang gawin, "Siya'y nasa kanila." Kukumpilan o babautismuhan sa kung anong paraan, na 'yun lang daw ang dapat nilang gawin, iniisip na si Jesus ay kasa-kasama nila. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, kagaya nga ni

Maria, Jose, nang lumang panahon, tunay na mga sinserong tao, pero sila nga'y nagkamali.

64 Buhay mo kasi ang nagpapatunay kung nasa sa iyo si Cristo o hindi. Buhay mo ang magpapakita kung nananahan ba talaga Siya *rito*, o kung Siya'y nasa Kanyang Kalangitan pa o hindi, sa kung ano ka. "Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." Papaanong mangyayari na nasa iyo si Cristo, at pagkatapos 'yang mismong Espiritu naman na nasa iyo ay itinatangi ang Kanyang Salita't, sa halip ay credo ang iyong tinatanggap? Hindi nga Iyon uubra. Aalisan Niya ng bisa ang Kanyang Sarili kung tatanggihan ang Sarili Niyang Salita.

65 Sa dahilan lang ba na may naglagay kasi Rito ng maling pagpapaliwanag? May Biblia naman kayo, maaari n'yo pong basahin gaya ng iba. Pagtuunan n'yo nang may hustong pag-aalab.

66 Sinabi ni David, "Ilagay ninyo Siya lagi sa inyong unahan." Siguraduhin n'yo na sa pagsalubong natin sa bagong taon na ito, ay tayo'y sumasalubong sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. "Lagi Siya sa harapan ko. Hinding-hindi ako matitinag."

67 Pansinin n'yo kung papaanong di maaaring magkamali ang Salita. Sina Maria at Jose . . . Ngayon sa inyo, na minamahal ko pong mga Katolikong kaibigan, na nagsasabing si Maria ay ina raw ng Diyos. Mangyari ngang si Maria ay di man lang ina ni Jesus, papaano pa kayang ina ng Diyos. Papaano ngang siya? Siyanga. Ni minsan ay hindi Niya siya tinawag na ina; hindi kailanman.

68 Nilapitan Siya ng mga tao isang beses, at sabi, "Ang Iyong ina at mga kapatid ay naghihintay sa labas."

69 Tumingin Siya sa Kanyang kongregasyon, sabi, "Sino ang Aking ina? Sino ang Aking mga kapatid?" Tumingin sa mga alagad Niya, sabi, "Ang gumagawa ng kalooban ng Aking Ama, iyong ang Aking ina, Aking . . ."

70 Sa krus, noong mamamatay na Siya, ganoon din ang sinabi Niya. Sinabi Niya kay Juan, kay Juan dito, sa binatang 'yun, "Anak, narito ang iyong ina!" Hindi nga, "Ina, narito ang iyong anak." "Babae, narito ang iyong anak!" Hindi nga, kita n'yo, hindi nga siya ina ng Diyos.

71 Isa lamang siyang hiram na sinapupunan na ginamit ng Diyos; di nakahihigit sa sinumang ibang babae na maaaring itakda ng Diyos upang gamitin. Maaari nga Niyang gamitin ang (iyong) sinapupunan ng iyong puso, upang ihayag ang Kanyang Anak, kung iyo—kung iyo lamang hahayaan Siya na gawin 'yun. Kita n'yo? Hindi nga ina ng Diyos. Kailangan kasi ng sensasyon, para maging binhi ni Maria. Kaya di Siya talaga binhi ni Maria.

⁷² Iyon nga, sa kabuoan nun, ay Diyos, ang Manlilikha. Kung ang unang Adan dun noon ay nilikha na walang ama at ina, ang Ikalawang Adan ay ganoon din. At anumang bagay na kabawasan dun ay di Siya mailalagay na kapantay Niya. Tama. Ang siya ring Diyos, lumikha Siya ng isang katawan na Kanya Mismong pinanahanan.

⁷³ Ngayon natuklasan natin, tingnan n'yo nga kung paanong, kung si Maria ay ina ng Diyos, papaanong magkakamali siya ng sinabi, dun. May sinabi nga siyang, “Ang Iyong ama at ako ay hinanap Ka na may pagluha.” Itinanggi niya dun ang birhen na kapanganakan, “Ang Iyong ama, si Jose, at ako, ay hinanap Ka.”

⁷⁴ Pagmasdan n'yo nga ang labindalawang-taong gulang na Binatilyong 'yun, labing-dalawang taong gulang na Bata, na sinasabi, “Hindi ba ninyo nalalaman na dapat ay nasa gawain Ako ng Aking Ama, na nakikipagtalakayan sa kanila na mga denominasyon doon?” Ngayon, kung Siya'y nasa gawain, dun sa gawain ni Jose, ay dapat naroon Siya sa pagkakar-pintero. Si Jose kasi'y hindi naman Niya ama. Ang Diyos ang Kanyang Ama. “Hindi ba ninyo nalalaman na dapat ay nasa gawain Ako ng Aking Ama?” Naroon nga, sa edad na labing-dalawa, kasakasama ng mga saserdoteng nagsipag-aral. Ni di nakatungtong ni isang araw sa eskuwelahan, pero sa kabila nun ang mga saserdote'y namangha nang husto sa karunungan. At tingnan n'yo nga ang . . .

⁷⁵ Siya ang Salita. Noong ipanganak Siya, Siya ang Salita. Mapasa hanggang ngayon ay Siya pa rin ang Salita. Pansinin, ang Salita'y di tatanggap kailanman ng kahuwadan. Sinabi niya, “Ang Iyong ama at ako ay hinanap Ka na may pagluha.”

⁷⁶ Sabi, “Hindi ba ninyo nalalaman na dapat ay nasa gawain Ako ng Aking Ama?”

⁷⁷ Sinaway ang Kanyang Sariling ina? Bakit? Siya ang Salita. Tiyak na magkakaroon ng katanungan sa isip ng isa rito, na kung si Maria rito, na minsang nagsabing ang “Espiritu Santo” ay lumilim sa kanya at nagsilang siya ng isang Anak, at heto nga na bakit tatawagin si Jose na ama. Ang Salita ay hindi maaaring magkamali. Hindi Ito nabibigo.

⁷⁸ “Hindi ba ninyo nalalaman na dapat ay nasa gawain Ako ng Aking Ama?” At Siya nga'y nasa gawain ng Ama; hindi-hindi sa gawain ni Jose, na gumagawa ng mga pinto at—at mga bagay-bagay sa pagkakar-pintero. Siya ay naroon sa gawain ng Kanyang Ama, na itinutuwid ang panrelihiyong politika nung panahon na 'yun. “Hindi ba ninyo nalalaman na dapat ay nasa gawain Ako ng Aking Ama?” Siyanga, po.

⁷⁹ Maraming tao ngayon, dito sa napakaraming mga maiinam na iglesya, ang napupunta na roon sa konseho ng iglesya; at di nga “napupunta” pa lang, naroon na sila mismos. Inaakala nila na 'yun ang bagay na dapat nilang gawin, “May pagkakasundo,

may kaluguran, bakit di na lang tayo magsama-sama?” Hayan nga’t, sinusubukan nila, na ang lahat, sa maraming-maraming taon na nagdaan, na gawing Baptist ang lahat ng Methodist, at lahat ng Baptist na Presbyterian; sinisikap ng mga Pentecostal na gawing Pentecostal ang lahat. Hindi n’yo nga ’yan maaaring gawin, pero pinagpipilitan n’yo pa ring konseho ang sagot para sa inyo. Yan ang sagot, na sinasabi ng Biblia na gagawin nila, at ’yan na ’yan mismo ang ginagawa nila. Mababait na mga iglesya, siyanga, po, nagkakasundo-sundo sila, “Maganda ’yan, magkaroon tayo ng pagbubuklod-buklod!”

⁸⁰ Sinabi ng Biblia, “Papaanong makakapaglakad ang dalawa na magkasama maliban na sila’y magkasundo?”

⁸¹ Ang iba sa kanila’y itinatangi ang birheng kapanganakan. Walumpung porsiyento ng mga Protestanteng kaiglesyahan ay itinatangi ang birheng kapanganakan. At itinatangi rin nila ang bautismo ng Espiritu Santo. Itinatangi nila maging ang mga tanda ng Kanyang Pagdating, ang Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli. Itinatangi nila na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Papaanong naitatangi n’yo ang lahat ng ’yan, samantalang inilagay agad ng Diyos ang lahat ng problemang ito sa mundo nang dahil sa isang babae na isang araw ay pinag-alinlangan ang diba’t isa lang na katiting na bahagi ng Kanyang Salita? Katotohanan namang lahat ang sinabi sa kanya ni Satanas, maliban sa isang bagay, pero ’yung isang bagay na ’yun ang nagbunsod ng lahat ng problema. Ngayon, kung ang lahat ng kasawiang ito at kalungkutan na di n’yo maiiwasang tingnan, ay dahil sa isa lang na katiting na bahagi Nito na pinag-alinlangan, iniisip n’yo ba na ayos lang ang isa’t katiting na pag-aalinlanga’t makakapasok tayo?

⁸² Yan ang dahilan kung bakit si Jesus ay paparito para sa isang Dalagang malinis, dalisay, puspos ng Espiritu Santo, at hindi ng sanlibutan, bagkus ng Kapangyarihan ng Diyos. Oh, tunay na napakainam talaga na malamang may paraan na para makapasok sa Grupong ito! Papaano n’yo ’yun gagawin? Di n’yo ’yun magagawa sa pagsapi sa organisasyon. Magagawa n’yo lang ’yun kung binautismuhan na kayo sa Espiritu Santo, papasok sa espirituwal na Katawan ni Jesus Cristo, ibinangon kasama Niya sa pagkabuhay na mag-uli, malaya sa kamatayan at kasalanan. Yun lang ang tanging paraan.

⁸³ Kadiliman! Naglalakihang mga denominasyon, at tanyag na grupo ng kalalakihan na magsasama-sama at magtatakda ng sarili nilang pag-iisip tungkol Dito, at isasadlak lang kayo n’yan sa pamamaluktot na tulad nun na nangyari sa pasimula. Wala na kayong aasahan sa kalagayang ’yan; siguradong ligaw na kayo. At lahat nga sila dun ay talaga namang antig na antig dahil dito sa mga iglesya nila na may pagkakasundo, iniisip na ang Diyos ay sasakanila talaga. “Buweno, ang Milenyum ay magsisimula kapag napagkaisa na ng konseho ang lahat doon,

at ang lahat ng ekumenikal na pagkilos, at iba pa,” at sasapi sila. Ano ‘yang ginagawa nilang ‘yan? Gumagawa sila ng anyo ng hayop, isang kapangyarihan, kung saan ang lahat ng hindi makikipag denominasyon, at lahat na, na di sasapi sa kanila, ay patitigilin. Pagmasdan n’yo nga at tingnan kung hindi ba’t ‘yan mismo ang mangyayari.

⁸⁴ Naisulat ko nga ‘yun dito noon, nung mismong araw na tayo . . . Pinahintulutan ng Diyos na makita ko ‘yun noong 1933. At heto na nga mismo ngayon na saktong-saktong nangyayari sa paraan na kanyang . . . sa paraan na sinabi Nito, talagang saktong-sakto, kung papaanong ang papa ay aalis ng Roma, at iba pa.

⁸⁵ Ngayon, sila nama’y mabubuting tao, pero nagkamali. Sina Jose at Maria ay mabubuting tao rin naman, pero sila ay lubos na nagkamali. Pero ano nga ‘yun? Ang Diyos ay gumamit ng isang labing-dalawang taong gulang na Binatilyo para ipakita na ang Salitang ‘yun ay nararapat lamang na manatiling puro, eksakto kung ano ba talaga Ito, kung anong sinabi Nito dun sa simula, “Siya’y ipinanganak ng isang birhen,” at ‘yun nga Siya.

⁸⁶ Iniisip na Siya’y kasama nila nung sila’y nakianib sa mga kaiglesyahan, at iba pa, pero di nila kasama Ito. Ngayon, pero sa mga Hinirang . . . Ngayon, hayun ang kadiliman, at makaka panatili ako sa pagtalakay sa bagay na ‘yan ng kahit isang oras pa uli.

⁸⁷ Pero sa mga Hinirang, mga iniibig at tinawag, mga Binanal ng Diyos, sinasabi ko nga ito sa inyo, para sa taon na ito na parating: Shalom, kapayapaan ng Diyos!

⁸⁸ Ito na ang oras! Kung ako nga’y paroroon noon sa mga araw bago pa likhain ang mundo, at tutunghay at makikita ko ang buong bagay, at ang Ama’y sasabihin sa akin, “Sa anong panahon mo gustong mamuhay?” Sasabihin ko ngayon, ngayon mismo! Itong panahon natin mismo! Ito ang pinaka dakilang panahon na kinabubuhayan ng Iglesya, dito sa bago lamang pumarito ng Nobyo. Oh, ang tunay na Iglesya ng buhay na Diyos ay nararapat lamang na nag-aalab, nagniningas, sa Liwanag ng Ebanghelyo na pinatotohanan sa kalagitnaan nila. “Bumangon ka’t sumilang, sapagkat ang Liwanag ay dumating sa iyo,” ang Liwanag ng araw na ito. Si Isaias ang liwanag ng araw niya. Si Noe naman ang liwanag ng araw niya. Bakit? Taglay niya kasi ang Salita na nahayag. At ang Ebanghelyo, ang Mga Salita ng Biblia para sa araw na ito, ay ang Liwanag ng araw na ito. Tunay na napaka maluwalhating panahon na kinabubuhayan natin!

⁸⁹ Ngayon, ang ibig sabihin ng “magandang umaga” ay *kapayapaan*. Naglalakip-lakip ang dilim. Bakit ito naglalakip-lakip? Para itanghal ang Liwanag. Isaias 60:1, “Bumangon ka’t sumilang, sapagkat ang liwanag ay dumating sa iyo.” Yan ang dahilan kung bakit nasasabi kong, “Shalom,” ang Liwanag ay

dumating sa inyo, kapayapaan ng Diyos sa hinirang na Babae, sa hinirang na Binibini; sila na ang Diyos, bago pa itatag ang sanlibutan, ay tinawag palabas at itinalaga na Rito.

⁹⁰ Hinding-hindi Ito makikita ng iba pa sa kanila. Wala silang malalaman na kahit ano patungkol Dito. Yan ang sinasabi ng Biblia. At sinabi ni Jesus, “Walang sinuman ang makalalapit sa Akin maliban na ilapit siya ng Ama, muna; at ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit.” Hayan nga’t. . .

⁹¹ Nakatayo roon noon si Judas, nagliliwanag’yung Liwanag sa dako *rito*, pero dun sa kaibuturan nakatago ay maitim na binhi. Nung dumating ang pagtutuos, nalantad ang kaitiman.

⁹² Heto rin naman ang isang munti’t, matandang babae, na naiitiman, *dito* sa labas sa harap, pero *doon* sa loob sa mismong kaibuturan ay predestinadong binhi pala. At nung dumating ang Liwanag, hinawi Nito ang kadiliman, at nalantad’yun. “Alam namin na darating ang Mesiyas, at sa pagdating Niya, ay magpapakita Siya ng mga bagay na gaya nito.”

Sinabi ni Jesus, “Ako Siya.”

⁹³ Pero pinag-alinlanganan Ito ni Judas, gayong lumalakad naman siya sa Liwanag. Kita n’yo, itong Liwanag sa dako *rito* ay hindi’yun ang binibilang; itong Liwanag *dito* sa ibaba sa kaibuturan ang mahalaga. Itong Liwanag na ito *rito* sa itaas sa labas ay humamahayo at nakikisama, at lahat na; pero kapag dumating na ang tunay na kapangyarihan ng Diyos, hindi nga ito maaaring pumunta’t manahan sa patay na binhing *ito*, ang denominasyon kasi ang pinapaaninag nito.

⁹⁴ Pero kapag Itong naroon mismo sa kaibuturan *dito*, ay ang tunay, predestinadong binhi, na kapag dumating dito ang Liwanag, ilalantad ang lahat ng kadiliman palabas sa inyo, at ilalagay kayo sa isang pagbubuklod kay Cristo. Siya nga ang Isang Yun na nagbigay sa inyo ng Buhay bago pa man maitatag ang sanlibutan, dahil kung hindi’y di n’yo Ito makikita, itong sinabi ng Diyos.

⁹⁵ Ngayon, sa inyo na predestinadong Binhi, Shalom! Amen. Sumainyo nawa ang kapayapaan ng Diyos, dahil nalalapit na talaga tayo sa kawakasan. Tayo’y naririto na mismo malapit sa kawakasan. Atin ngang pag-usapan ang tungkol sa grupo na ’yan, pansumandali. Shalom!

⁹⁶ Dumating na ang Liwanag ng Diyos. Ang Salita, ang Liwanag, ay pinatotohanang muli, para makita n’yo ang mga kahayagan ng pangako ng Diyos para sa araw na ito. “Saliksikin n’yo ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip n’yo na sa mga Iyon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan.” Ang mga Iyon ay nagpatotoo sa araw na kinabubuhayan natin. Ano ba ang Liwanag para sa ating panahon? Ano ba ang ipinangako ng Biblia para sa araw na ito? Alamin n’yo nga kung anong panahon na!

⁹⁷ Hindi na nga nakapagtataakang sinaway sila ni Jesus dahil sa di nila pinaniwalaan si Juan. Siya ang liwanag, dahil sinabi ng propeta na siya'y darating. At hayun nga siya noon, ang liwanag na nahayag. Hindi nila 'yun nakita. Hindi nila 'yun naunawaan; iniisip nila na ganito ang Mesiyas, at inakala *nila* na ganito't iba, at *ganito* raw na iba. Nabigo silang makita Ito.

Dumating si Jesus. Di maaaring magliwanag ang dalawang liwanag nang sabay.

⁹⁸ Hindi maaaring mangyari na may liwanag ng iglesya't may Liwanag din ng Diyos na sabay nagliliwanag. Kinakailangan na mangibabaw ang Liwanag ng Diyos sa liwanag ng iglesya. At 'yan mismo ang nagaganap ngayon. Inihihiwalay ng Diyos ang pagkamaka-iglesya mula sa Kanyang Liwanag ng Salitang ipinangako para sa oras na ito na kinabubuhayan natin. Yan nga ang Katotohanan, kaibigan. Marahil di n'yo gustong paniwalaan 'yan, pero hintayin n'yo lang at masumpungan n'yo mismo kung totoo ba talaga ito o hindi. Huwag n'yo nang hintayin, maiging pumasok na kayo ngayon pa lang habang may pagkakataon pa.

⁹⁹ Ang Salita'y Liwanag kapag Ito'y pinatotohanan. Malibang ang Salita, na ipinangako para sa panahon, ay pinatotohanan, haya't hindi nga ito ang Liwanag. Hindi maaari. Kung sinabi ng Diyos na, "Magkaroon ng liwanag," at walang lumitaw na araw, wala ngang tanda ng liwanag. Pero nung sabihin nga ng Diyos na, "Magkaroon ng liwanag," haya't nagkaroon talaga ng liwanag. Noong ipinangako ng Diyos ang Mesiyas, at dumating ang Mesiyas, ang ibig sabihin ang Kanyang Salita ay natupad at Siya ang Liwanag ng oras na 'yun. Noong ipinangako Niya si Noe, at ipinangako Niya ang iba, at lahat ng kasunod na iba pa, sila ang liwanag ng oras na 'yun.

¹⁰⁰ At mayroon ngang Liwanag sa oras na ito ngayon, 'yan nga si Jesus Cristo sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ng Kanyang Salita na ipinangako para sa araw na ito. "Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo; lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako'y pupunta na sa Ama." Lalong dakilang mga gawa, lalong maraming mga bagay kaysa sa ginawa Niya? Inyo ba itong sinasampalatayanan? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sinasampalatayanan ko ito. Mistula ngang ang hamak nito. Mistula ngang lampas-lampasan lang sa ulunan ng mga tao. Tingnan n'yo 'yung narito pa Siya noon sa lupa, paano nga kayo makagagawa ng "lalong dakilang" mga bagay? Akin ngang isinalin 'yan, maraming beses, "mas marami," pero siya ring bagay na 'yun. "Lalong dakila," 'yan ang sinabi Niya sa San Juan 14:12, "lalong dakila kaysa rito ang gagawin ninyo."

¹⁰¹ Napansin n'yo ba? Noong gawin Niyang alak ang tubig, kumuha Siya ng tubig, muna; isang nalikha nang bagay, at

ginawa 'yung alak. Noong magpakain Siya ng limang libong katao, kumuha Siya ng isda na minsang lumalangoy sa tubig, pinaghati-hati 'yun, ipinamigay, at pinaraming nilikha. Kinuha Niya 'yung tinapay na minsa'y trigo noon, na hinurno para maging tinapay, pinaghati-hati at itinaas 'yun sa . . . ipinamigay 'yun sa mga tao, at nanumbalik 'yun. Nilikha na pinarami!

¹⁰² Pero sa huling mga araw, kung saan wala man lang tanda ng paglilikhaan, salitain lamang Niya'y paglikha na, mismo, ipinapakita ang siya ring Diyos sa pasimula. Nagagawa Niyang lumikha ng mga squirrel, nagagawa Niyang lumikha anumang gustuhin Niya, dahil Siya ang Diyos. "Lalong dakilang mga bagay kaysa rito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako'y pupunta na sa Aking Ama." Ang Salita'y hindang-hindi nagkakamali, at kinakailangan talagang mahayag Ito at matupad. "Lalong dakila kaysa rito ang gagawin ninyo," hindi lang pagpaparami, kundi paglikhang pagsasalita mula sa wala.

¹⁰³ Pansinin rito ang Salita ngayon nung Kanyang ipinangako. Nasaan, nasaan na ba tayo, ngayon? Ano nang kapanahunan ang kinabubuhayan natin? Ano nang panahon? Sa paghahayag ng Salita ng Diyos, gaya dun sa lahat ng iba pang panahon. Nariyan nga sa inyo ang Mensahe patungkol sa *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. Masdan n'yo ngang maigi ang bawat isa sa mga hayop dun na lumitaw, at yaong mga Nilalang na kasunod nila. Masdan n'yo ngang maigi kung di nga 'yan tumugma dun sa kapanahunan ng mga repormador, at bawat kapanahunan, kung papaano bang dapat itong mangyari, nang sakto sa pagkakasabi ng Salita. At ganoon na ganoon din na ang Espiritu Santo ay mahahayag sa panahon ngayon nang sakto sa pagkakasabi ng Biblia kung paano nga ba.

¹⁰⁴ Nakikita na natin ang pagdidilim sa langit at dito sa lupa, at ang lahat ng mga bagay, at ang mga konseho't mga bagay-bagay ay nakaporma na.

¹⁰⁵ At nakikita natin, sa kalagitnaan ng lahat ng 'yun, ang maluwalhating Ebanghelyo ni Jesus Cristo, na ipinangako para sa panahon na ito, ay nahahayag na Mismo. Nabubuhay na tayo sa isang kahanga-hangang panahon. Shalom sa inyo na nagtataglay ng Salita sa kaibuturan ng inyong puso, na pinili bago pa man maitatag ang sanlibutan, na mapakinggan ang Salita para sa panahon na ito. Kung kayo'y hindi ganun, ito'y magiging masamang taon para sa inyo na sasalubong. Kung kayo nama'y ganun, ito'y magiging dakilang mundo, o dakilang araw, dakilang taon na parating ngayon, bagong taon.

¹⁰⁶ Hindi lang basta magbuklat ng panibagong pahina; marami kasing tao ang sinusubukan lang nilang magbuklat ng bagong pahina sa bagong taon, tapos balik na naman uli sa kasunod na araw.

107 Katulad dun sa isang munting kuwento na binabasa ko nung isang umaga. May isang babaing nagtanong nang malakas sa asawa niyang lalaki, na bumangon nang maaga at lumabas at bumili ng pang-umagang diyaryo, at binabasa 'yung pang-umagang diyaryo. Sabi nung lalaki... Sabi nung babae, "May anuman bang bago diyang sa balita?"

Sabi niya, "Wala, ganoon at ganoon pa rin, iba nga lang ang mga tao."

108 Ganyan na ganyan din ngayon, 'yun at 'yun pa rin. May bago tayong organisasyon, pero pareho pa rin ang doktrina; nililingap lang, may kumuha lang ng ibang anggulo patungo sa gawi *rito* o patungo sa gawi *roon*.

109 Isa na itong bagong araw. Hallelujah! Ito na ang araw na dapat na tayong bumangon at sumilang, sa Kapangyarihan ni Jesus Cristo. Ang masalimuot na kadiliman ay bumababa na sa sangkalupaan; kailangan may bagong araw para sa atin, tama, siyanga, ginagawa 'yun gaya ng paggawa Niya rito. Pero bumaling nga kayo sa Kanyang Salita at tingnan n'yo ang pangako na ipinangako para sa araw na ito, at mapagkikilala n'yo kung kayo ay nabubuhay ba sa Liwanag ng araw o hindi. Ang pagpapalit ng kalendaryo ay di nangangahulugang pagpapalit ng araw; ang kalendaryo lamang ang nababago.

110 Ngayon makinig po kayong maigi. Gawin n'yo ang tulad sa bagay na ginawa ni David, ilagak n'yo ang inyong hinaharap sa Kanyang kamay. "Papaano? Papaano ko malalaman kung ano ang gagawin, Kapatid na Branham?" Ilagak n'yo ang hinaharap n'yo sa Kanyang kamay. Kahit ano pa 'yan na dumating o lumipas; magtiwala sa Kanya. Siya ang Salita, dapat n'yo 'yang mapagkilala ngayon. Sabi ni David, "Ang kanyang panahon ay nasa Kanyang kamay. Magtiwala ka sa Kanya sa tuwina. Lagi kayong magtiwala sa Kanya." Nababatid niya kung Sino ang may hawak ng hinaharap, alam nga ni David, 'yan ang dahilan kung bakit nasasabi niya 'yan. May Isa lang na humahawak sa hinaharap, at 'yan ang Diyos. Hayan ngang, hinahawakan Niya ang—ang hinaharap, hayaan n'yong hawakan Niya kayo. Sige.

111 May ilang tao ang magsasabi, "Pero, Kapatid na Branham, sinusubukan ko nang sinusubukan naman."

112 Pero teka lang po. Ang pagtitiis ay mabuting katangian. Ang pagtitiis ay katangian ng Espiritu Santo. "Sila na naghihintay sa Panginoon ay magpapanibagong lakas."

113 Sasabihin n'yo, "Papaano ako makapag hihintay nang mas matagal pa?" Basta't patuloy lang kayo sa paghihintay. Kapag nagagawa mo naman ang lahat ng magagawa mo para tumayo, haya't tumayo ka, kita n'yo, tumayo lang. "Paano ko gagawin 'yun?" Tumayo! Sinabi Niya na ito'y Katotohanan, at 'yun mismo ang Katotohanan. Sinabi Niya na mangyayari 'yun. "Paano?" Hindi ko po alam; pero mangyayari't mangyayari

talaga. Siya mismo ang nagsabi. Ipinangako Niya ito. Kung Kanya itong ipinangako, mangyayari't mangyayari ito. Ganoon 'yun. Hindi 'yun mauwi sa wala.

114 Kaya hayan nga't pagkatandaan n'yo, ang Diyos ay inabot ng libo-libong taon upang tuparin ang Kanyang pangako ng Tagapagligtas na paparating. Apat na libong taon, ganoong katagal ang inabot ng Diyos para tuparin ang pangakong 'yun. Pero nalalaman nga Niya, mula pa sa pasimula, kung kailan nga 'yun sadyang mangyayari. Batid Niya; wala nang iba ang nakakaalam. Sinabi lang Niya na 'yun ay magaganap. At nung maganap na 'yun, ang mga tao'y nadaya naman nang husto, na di na tila tuloy malaman kung papaano ito tatanggapin. Hayan nga't tunay na nangyayari uli ang parehong bagay na 'yan! Sa tuwina nga 'yan, hindi nabibigo, sa magkabilang panig, lagi.

115 Ano nga ang ginawa Niya sa mga taon na ito na nagdaan? Nagpakita Siya ng mga tipo ng Kanyang pagdating.

116 Ipinakita Niya 'yun kay Joseph. Kung titingnan n'yo ang buhay ni Joseph; kinamuhian ng kanyang mga kapatid, inibig ng kanyang tatay. Bakit? Dahil siya'y espirituwal, dahil siya'y nakakakita ng mga pangitain. Ang iba pa sa kanila'y hindi nakakakita ng mga pangitain; sila'y mga patriyarka pero di sila nakakakita ng mga pangitain, di nakakapagpaliwanag ng mga panaginip. Pero hayan ngang nainggit sila sa kanya. At siya'y ipinagbili sa halos tatlumpung piraso ng pilak, hinango mula sa isang hukay na dapat sana'y papatay sa kanya, naupo sa kanan ng Faraon. At nung iwan niya ang luklukan, tumunog ang trumpeta, "Magsiluhod kayo; paparating na si Joseph!"

117 Saktong-sakto sa kung anong ginawa ni Jesus, naupo sa kanan ng Diyos. At kapag iiwan na Niya ang Luklukan, ang mga trumpeta'y magsisitunog. At bawat tuhod ay luluhod, at ihahayag na si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos. Saktong-sakto.

118 Ipinakita Niya 'yun sa mga tipo kay David, nung siya'y nasa ibabaw ng . . . isang tinanggihang hari na nakatanaw sa Jerusalem, tumatangis. "Makailang inibig Ko na tipunin kayo, na gaya ng isang inahing manok sa kanyang mga sisiw, ngunit ayaw ninyo."

119 Sa mga sumunod na kapanahunan, ipinakita Niya ito sa mga tipo, batid na darating ang araw na ang huling tipo ay matutupad, at ang buong kahayagan ng Kanyang ipinangakong Mesiyas ay malalantad na. At nung dumating na ang buong pangako, gayong itinipo Niya 'yun. . . Araw bawat araw, taon bawat taon, Kanya 'yung itinipo. At nung dumating naman ito sa realidad, ay di nila 'yun mapani-paniwalaan.

120 Ganoon na ganoon ang ginawa Niya, itinipo 'yun, at ipinakita sa mga kapanahunan ng iglesya, at lahat na, sa oras na kinabubuhayan natin, at ang mga tao'y nasa masalimuot na

kadiliman naman, na mistulang hindi nila ito mauna-unawaan. Nakakalungkot talaga!

¹²¹ Lalo na ang makita ang isang lalaki rito, matikas, maayos, maganda ang pangangatawan na lalaki na anupa't ang buhok niya, ay nakakulot na parang ginagawa ng kababaihan, at ang suot na pantalon ay hapit na hapit, at may malaki't mahabang balabal na nakalaylay nang paganoon, at kulay-ube ang suot na sapatos. Pagkalalaki? Oh, grabe, isang kahindik-hindik na bagay na 'yun ang tatawaging lalaki! Napaka teribleng bagay nga na ganoon ang tatawaging lalaki! Siyanga.

¹²² Makakakita kayo rito ng babae, na dapat sana'y mahinhin at kalugud-lugod, tapos lalabas dun na ang suot-suot ay pares ng pantalon na panglalaki, may sigarilyong subo sa kanyang bibig, at maiksi ang buhok. Napaka teribleng bagay na ganoon ang tatawaging babae! Tinawag ni Jesus si Maria na "babae." Ni 'yung mga babae ngayon ay di matatawag na binibini; babae lang.

¹²³ Pansinin, at ang oras! Bakit? Minsan kasi ang mga tao'y inaangkin nila o iniisip nila na sila'y sinsero, pero lumukob sa kanila ang masalimuot na kadiliman. Sinabi ng Biblia na sila nga'y magiging ganoon. Basahin n'yo ang Isaias 6 at tingnan n'yo riyang kung ang mga kababaihan nga'y hindi ba't magiging ganoon talaga sa huling mga araw, saktong-sakto mismo sa sinabi ng Biblia na magkaka ganoon sila. Ito ang Salita ng Diyos. Si Jeremias at ang iba pa sa kanila'y nangusap sa panahon na ito na kinabubuhayan natin ngayon, dahil nakita nila ang katapusan mula sa pasimula. Kaya hetong nakikita na natin ngayon ang mga bagay na ito, at ang masalimuot na kadiliman ay lumukob na sa mga tao.

¹²⁴ Oo, inabot ng libo-libong taon ang Diyos, nagpapapaninag . . . nagpapakita ng mga tipo't lahat na, at sa huli'y hindi nila Siya napagkilala nung Siya ay dumating, gayong Siya ay isinalarawan na noon kina Joseph at David at Elias, at lahat sila roon. Siya ay isinalarawan sa kanila, at sa kabila nun ay di natin maintindihan kung bakit di pa rin nila Ito nakita. At samantalang naroon naman 'yun, doon sa Kasulatan, "Mula sa Betlehem ng Judea," Siya ay ipapanganak. Makikita natin 'yan sa mga Kasulatan, kung papaanong Siya ay ipapanganak, ng isang birhen. "Isang birhen ang maglililihi at manganganak ng isang Lalaki, at kanilang tatawagin ang Kanyang Pangalan na Emmanuel."

¹²⁵ Bakit nila Siya pinatay? "Sapagkat nag-aangkin Siyang Diyos Siya," at samantalang Diyos naman Siya. Tunay, sinabi nila 'yun. "Nag-aangkin Siyang Diyos Siya, kapantay ng Diyos, na nagsasabi, 'Ako ang Anak ng Diyos.'" Aba'y Siya namang talaga!

126 Sinabi ng Biblia na Siya'y tatawaging, "Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, makapangyarihang Diyos, Ang walang hanggang Ama, Kamangha-mangha!" Ganoon nga Siya. Bakit di nila 'yun mauna-unawaan?

Kaya hindi nakapagtataakang sinabi Niya, "Nararapat lang na saliksikin ninyo ang mga Kasulatan."

Sinabi nila, "Kami'y mga tagasunod ni Moises."

127 Sabi, "Kung kayo'y mga tagasunod ni Moises, makikilala ninyo sana Ako. Sumulat si Moises patungkol sa Akin." At di man lang nila 'yun napagkilala.

128 At humantong na muli ang ganung oras sa mga tao ngayon, kung kailan nagsisibaling sila sa kani-kanilang mga kredo't mga bagay, sa halip na sa kaibig-ibig na si Jesus. Ganoon nga. Itong dakila't malalaking mga bagay na parating, haya't humahantong lang sila sa mas marami pang kadilima't marami pang kadiliman. At samantalang inihahayag na ng Diyos ang Kanyang Salita, sa pamamagitan ng mga tanda't kababalaghan sa kalangitan, at ipinapakita ito, sinasaysay ang mga bagay na mangyayari nang saktong mismo sa oras at sa minuto, kung ano ang mga magaganap. At sa kabila nun ay nagsisipaglakad pa rin sila sa gayon pa ring pamamaraan. Mistulang di nila 'yun mapigilan. Maiinam na tao, siyanga, po, ginagawa ang siya ring mga bagay ngayon katulad ng ginawa ng mga tao noon.

129 Tayo'y mga personang sakop ng oras. Ang Diyos ay persona ng Walang Hanggan... Ang Diyos ay persona ng Walang Hanggan. Kailanma'y hindi Siya nagpasimula at kailanma'y hindi Siya magtatapos. Kaya bakit hindi n'yo itagubilin ang inyong sarili sa Kanya? Tumingala, at suminag sa kagalakan ng Liwanag ng Salita ng Diyos na sumisinag sa panahon ngayon. Bakit di kaya makita Yan ng mga tao, mga kaibigan?

130 Pakinggan n'yo po, ako'y inyong kapatid. Mahal ko kayo. Hindi po ba't mas madali namang kunsintihin ko na lang 'yan, nang di hamak, at pababayaang at sasabihin, "Oh, buweno, sige na nga't ikokompromiso ko na lang Ito, makikipag-..."? Di po ako ganoon. Hindi, po. Kung Salita, ay Salita talaga. Tulungan nawa tayo ng Diyos na tumayo sa bagay na totoo! Siyanga, po. Yun sana'y mas magiliw, siyanga naman, mas marami kayong tapik na matatanggap sa likod. Pero ano nga, ano ang gagawin ko kapag tumayo na ako sa Araw na 'yun na ang mga buto-butong daliri na 'yun ay tuturo sa aking mukha at magsasabi, "Alam mo ang mas mainam, pero di mo man lang 'yun sinabi sa amin"? Whew! Huwag nawa!

131 Ako'y magiging tulad ni Pablo, "Hindi ko ipinagkait na ipahayag sa inyo ang buong Kapasyahan ng Diyos." Walang dugo ng tao ang pananagutin sa akin. Hahayaang magpunta Ito saanmang dako magpunta. Yan ang Katotohanan. Batid 'yan

ng Diyos, at pinatutunayan Niya ito at sinasabing ito nga ang Katotohanan.

¹³² Para bumaling sa ano, kay Kapatid na Branham? Kayo, kayo ay nahihibang kung 'yan ang gagawin n'yo. Bumaling kayo kay Cristo, at Siya ang Salita! Bumaling kayo kay Cristo!

¹³³ Bumaling kayo palayo sa mga kredo! Manumbalik kayo sa . . . Wala akong pakialam, maski sinimulan n'yo pa ang kredo n'yo, nang limang daang taon na ang nakararaan, na kayo'y sadyang . . . Wala nga 'yang magiging kabuluhan sa Diyos. Yung mga Saduceo't mga Fariseo'y sinimulan nila 'yung kanila nang mas matagal kaysa sa inyo, at sila'y hinatulan.

¹³⁴ Oh, sinusubukan n'yong ilagay ang katunayan ng Espiritu Santo sa ibang mga pagkilos. Naniniwala ako sa pagpapamalas ng Espiritu Santo. Ano ba ang ginagawang pagkilos nito? Ang sinasabi ng Pentecostal, "Ang pagsasalita sa iba't ibang wika ang pangunahing katunayan ng Espiritu Santo." Nakakita na ako ng mga mangkukulam at salamangkero na nagsisipagsalita sa iba't ibang wika. Nakita ko na silang nagsasalita sa iba't ibang wika at umiinom pa ng dugo mula sa bungo ng tao, at nagpropropesiya't itinatangi na mayroong Diyos. Nakapunta na ako roon sa kamento ng mga mangkukulam kung saan naglalapag sila ng lapis sa mesa at palulundagin nila 'yun ng taas-baba, at magsusulat sa di kilalang wika at ipapaliwanag 'yun. Ganoon nga. Wala nga 'yung anumang . . . Gayong, ako'y naniniwala na ang Diyos ay nagsasalita sa iba't ibang wika sa pamamagitan ng Kanyang mga hirang. Pero masyado n'yong binibigyang-diin ang bagay na 'yan, "Bakit kinakailangan ng tagapagpaliwanag? Bakit kinakailangang mensahe 'yun dapat sa iglesya?"

¹³⁵ Pagkatapos kayo naman na iba pa, sinasabi n'yo, "Sa mga bunga ng Espiritu, sa ganoon nga namin malalaman. Pag-ibig, kagalakan, sa ganoong paraan namin nakuha ang katunayan." Ganoon po ba? Kung ganoon ay talong-talo lahat kayo ng Christian Science sa bagay na 'yan. Mas ginagawa nila 'yan nang mas higit kaysa sa inyo na mga Pentecostal, Methodist, at mga Baptist, na pinagsama-sama.

¹³⁶ Masdan n'yo kung anong mangyayari. Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang mga bunga ng Espiritu, at tingnan n'yo kung 'yan pa rin ang sasabihin n'yo. Kunin nating halimbawa si Jesus. Patawarin ako ng Diyos sa mga salitang ito na aking sasabihin; ako'y magiging laban muna sa Kanya pansumandali, para ipakita sa inyo, aakto ako na konseho ng mga kalalakihan dito, at konseho kunwari ng mga kalalakihan dito sa hapon na ito. Haya't sasabihin ko raw . . .

¹³⁷ "Mga ginoo, may isang binatang Lalaki sa dako rito, na ang Pangalan ay Jesus na taga-Nazaret, huwag kayong magkaroon ng kaugnayan sa Kanya! Sino ba ang unang . . . Ano ba ang

itinuturo ng Biblia sa atin? Ang Diyos ay pag-ibig. Sino ba ang unang-unang nasa inyo nung kayo'y ipanganak? Ang inyong mabait, na matandang saserdote. Tama. Sino ang nagpupunta sa inyo sa tuwing nangangailangan kayo, wala kayong pera, at pinahihiram kayo ng pera? Ang inyong mabait, na matandang saserdote. Ganoon nga. Sino ang naglalagay ng kamay niya sa inyong balikat at sa balikat ng inyong nanay, nung kayo ay tatalikod na sana, at ipinanalangin ka na makapanumbalik sa Diyos? Ang inyong mabait, na matandang saserdote. Sino ang pumanig sa inyo, nung kayo at ang inyong kapitbahay ay may pagkaka-away, at ipin anum balik kayo na magkabuklod? Ang inyong mabait, na matandang saserdote. Tama. Sino nga, ang umuusal sa inyo ng huling habilin sa araw na yayao na kayo? Sino nga? Ang ibang tao'y hinahayaan lang kayo na nakaratay at mabulok; pero ang inyong mabait, na matandang saserdote ay darating nga at babasbasan kayo, at ihahatid kasama n'yo ang Salita ng Diyos sa inyong paglisan. Ang inyong mabait, na matandang saserdote nga!

¹³⁸ “Pero papaano naman itong Lalaking ito na tinatawag na Jesus ng Nazaret, hayan nga, kita n'yo, sa aling eskuwelahan ba Siya nanggaling? Ang mabait, na matanda n'yong saserdote ay nagpakasakit nga, nang buong buhay niya. Ang lolo niya ay isang saserdote. Ang lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo ng lolo niya ay saserdote. Inilagak niya ang buong panahon niya sa organisasyon. Siya ay sinanay sa Salita; alam na alam niya ang sinasabi niya.”

¹³⁹ Ngayon tayo'y nangungusap dito tungkol sa mga bunga ng Espiritu: kagandahang-loob, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, kaunawaan, pagpapahinuhod, pagtitiis, kita n'yo, bunga ng Espiritu.

¹⁴⁰ “Pero papaano nga itong si Jesus na ito, saan bang lupalop Siya nanggaling? Ni wala nga tayong narinig maski isang balita na Siya'y nanggaling sa anupamang eskuwelahan. Ang tanging ginagawa Niya ay nagtatangkang sirain ang mga eskuwelahang ito na ipinatayo natin.” Hindi nga matatawag na bunga 'yun ng Espiritu kahit katiting, di po ba?

¹⁴¹ “Pero ano ang ginawa Niya dun sa mga kaawa-awang mga tagapagtinda roon, at sa mga negosyante na dapat sana . . . Sila, sila'y hindi na nga nakakapag-alaga ng tupa, kaya sila—sila na mga tagapagtinda ay naglagay roon ng munting kulungan para makapag-alay 'yung negosyante ng tupa. Yung kaawa-awang negosyante, ang gusto lang naman niya—niya sana'y makapag-alay ng tupa, dahil 'yun ang hinihiling ng Diyos. Dinadala ng tagapagtinda 'yung—'yung tupa roon, para maipagbili sana sa negosyante, para maialay niya 'yun para sa kanyang kaluluwa. Pero ano itong ginawa nitong Jesus na ito na taga-Nazaret? Pinagsisipa ang mga lamesa roon; kumuha ng balat ng hayop at pinilipit 'yun sa isang bungkos na tali, pinagpapalo ang mga

saserdote palabas dun; tapos ang tawag pa sa inyong mabait, na matandang saserdote ay anupa't, 'isang ahas sa damuhan; isang mapagpaimbabaw'!"

¹⁴² Ngayon matatawag n'yo ba 'yung bunga ng Espiritu? Tunay na hindi nga. Kung ganoon saan ngayon mailalatag ang bunga ng Espiritu n'yong 'yan? Lalo na sa iniisip n'yong habag, at hayan nga Siya na naglalakad sa kalagitnaan ng karamihan ng mga tao sa dakong 'yun, mga tao na nakaratay, bulag, baldado, nagdadalamhati, nanunuyo, pilay, lumpo, at hindi man lang pinagaling ang kahit isa sa kanila; puno ng habag. Hindi nga Ito mapagkikilala ng isang taong karnal ang pag-iisip. Hindi Ito itinuturo sa mga seminarjo. Isa itong kapahayagan. Tunay. Ang bunga ng Espiritu ay laglag na nga roon, di po ba? Sila na mga saserdote ay sampung makaulit na may bunga ng Espiritu.

¹⁴³ Papaano n'yo malalaman ngayon kung ano ang tama? Sa pagpapahayag ng binigkas na Salita ng Diyos na nahayag, ang Liwanag sa kasalukuyang panahon. Tunay. Naroon nga ang katunayan ng Espiritu Santo, ang pagsampalataya sa Salita ng Diyos kapag Ito'y nahayag na. Siya ang Salita, na nahayag. At marami sa kanila ang itinatangi Ito, pinagtatawanan Ito, nililibalik Siya at tinatawag Siya na isang—isang manghuhula, na kung anong masamang espiritu; ang katunayan daw, ay ang pagsasalita ng iba't ibang wika, ang katunayan daw ay ang mga bunga. Pero iisa lang ang katunayan, at 'yan ay kapag ang tao ay nananampalataya sa naisulat na Salita. Na kapag Ito'y pinatotohanan, lumalakad siya sa Liwanag Nito. Si Jesus ang Liwanag ng panahon dahil Siya ang ipinangakong Salita ng panahon, at sinusubukang sabihin ito sa kanila, pero sila'y napadpad na nang lubos—nang lubos sa kadiliman na di na nila Ito maunawaan. At ganoon din ito, sa panahon, ngayon.

¹⁴⁴ Ngayon mga nilalang na sakop ng panahon, tayo. Itagubilin n'yo ang inyong mga lakad sa Kanya, at Kanyang dadalhin ang hinaharap nang maayos, dahil nasusumpungan natin Siya kung ano Siya sa Salita.

¹⁴⁵ Nakita n'yo na Siya na pinapatotohanan ang ipinangakong Salita sa panahon ngayon. Nakikita n'yo na 'yun sa mga tanda sa buwan. Nakikita n'yo na 'yun sa mga iglesya. Alalahanin.

¹⁴⁶ "Ang sabi mo, 'sa iglesya,' ano namang kinalaman nun sa iglesya?"

¹⁴⁷ Pansumandali lang po. Sinasagisag ng buwan ang iglesya. Ang Jerusalem ang kilalang pinaka matandang iglesyang bayan sa buong mundo. Nanggaling si Melquisedec sa bayan na 'yun; Hari ng Salem, Hari ng kapayapaan, Hari ng Jerusalem. Ganun nga, ang pinaka matandang bayan sa buong mundo. At 'yun nga'y buwan, kagaya noong ang kautusan ay itinatag, at heto na nga 'yung ragasa ng kadilimang Gentil na lumulukob dun. Ang sabi Niya, "Ang—ang iglesya ay tatapakan nito ang mga

pader ng Jerusalem hanggang sa matapos na ang dispensasyon ng mga Gentil.” At heto na nga siya. Nabubuhay na tayo mismo sa panahon na ito. Siya ay manunumbalik at manunumbalik, gaya nung kung papaanong singtiyak na ang pangalan ko ay William Branham. Siyanga, po, nakikita na natin ito. Siya ay pinanguna na, paunang sinabi na noon, paunang nasaysay na; tinatawag ang Hirang palabas. Nangangapa sila sa dilim, lahat silang iba pa, habang patuloy lang sila. Buweno.

¹⁴⁸ Ngayon nakita natin ang Kanyang Salita na pinatotohanan. Sinasampalatayanan natin. Kaya kung pinatotohanan na Niya ang Salita ng panahon ngayon, kung ano nga Ito, ano ang aking ipag-aalala sa anumang ilaan ng taon na ito? Ano ang dapat kong ipag-alala sa parating na taon na ito? Ano ang dapat kong ipag-alala ako ma’y mabuhay ngayon o kaya mamatay ngayon? Bawat Salita na Kanyang ipangako ay talagang patototohanan, bawat isa! Kung Kanya ngang nagagawang gawin ‘yan ngayon, pagkatapos na ipangako ito nang magdadalawang libong taon na ang nakararaan; kung sangdaang libong taon man, ngayon, si Jesus ay babalik at babalik sa lupa sa isang nakikitang katawan, para sa isang Iglesya, isang—isang Tinubos, ang Nobya, at kukunin Siya paalis dito. Anuman ang dumating, lumipas, mga kalakaran, sasabihing “sige lang,” at ang mga tao’y pakampay-kampay pa rin sa ganap na kadiliman at sige lang sa paniniwala sa anumang gusto nilang paniwalaan, pero si Jesus Cristo ay babalik at babalik muli. Ipinagkakatiwala ko sa Kanya ang hinaharap, kung ganoon. “Panginoong Diyos, di ko po alam kung anong laan ng hinaharap, pero nalalaman ko na Iyong hawak ang hinaharap.”

¹⁴⁹ Ang Kanyang Salita ay katulad nga sa isang dakilang simponya. Ilan na sa inyo rito ang nakarinig na ng simponya? Buweno, bawat isa po. Ngayon alalahanin n’yo, ang simponya ay ang musikang tinutugtog kapag may isang dula. Sa tingin ko’y tama ako riyan, tungkol dito sa simponya. “Peter and the Wolf,” naaalala n’yo ‘yun, ‘yung lumang kuwento na ‘yun kung papaanong inaano nila roon. . . Narinig ko na ito noon, kung papaanong babaling sila dun sa mga tambol at gagawin ‘yung —yung tunog ng pagtuka-tuka ng munting ibong tariktik, at si Peter ay lalabas, at may pag-ungol ng lobo, at may pagtunog ng mga tambuli; isang simponya.

¹⁵⁰ Ngayon, kung di mo nauunawaan ang isang simponya, isa lang ‘yung malaking pagkakaingay sa iyo, kung di mo ‘yun nauunawaan. Kinakailangan mong maunawaan kung ano ‘yun. Isinasagawa kasi ‘yun sa pamamagitan ng mga senyas at mga indayog, pero nagpapakita nga ‘yun ng isang dula sa saliw ng isang simponya. Ngayon, napansin natin, ang tanging nag-iisa na nakakaintindi sa simponya ay ‘yung kompositor nito at sila na mga interesado na maunawaan ito, ang nakakaalam sa mga pagpapalit-eksena rito, nakakaalam sa kung anong nangyayari.

¹⁵¹ Kabisado ng kompositor ang bawat pagkilos, mula wakas hanggang pasimula, o mula pasimula hanggang wakas. Alam n'yo po ba 'yun? Siya na nagsulat nun, siya na lumikha nun, alam niya ang bawat maliit na pagkakadugtong-dugtong dun. Kung alam nga niya ang bawat pagkakadugtong-dugtong dun, ay ganoon din ang taga-kumpas, para ikumpas 'yun. Ngayon papaano n'yo nga babaluktutin 'yun sa pamamagitan ng kredo n'yo? Isang katiting na maling kumpas lang sa baton, sa isang senyas na 'yun, isang katiting na maling senyas lang sa isang dugtungan dun, sira na ang buong orkestra, sira na ang buong simponya. Ngayon alam n'yo na totoo 'yan. Ang kompositor at ang taga-kumpas ay kinakailangan na iisa ang espiritu.

¹⁵² Kaya 'yan ang dahilan kung bakit ang ministro at ang Salita ng Diyos, ang dakilang Simponya ng Diyos na Kanyang tinutugtog mula pa nung magpasimula ang oras; ang ministro, sa Salita, ay di nga siya titingin dito at magsasabi, "Sa palagay ko *ganito* dapat ito; dapat *ganito* ang pagkakagawa mo Rito." Dapat niyang sundan ang paraan ng pagkakalatag ng sinasabi ng isinulat na Musika kung papaano ba 'yun kunin. Sa ganoong paraan lang dapat ipinapangaral ang Ebanghelyo, sa paraan na sinasabi ng Salita na kunin Ito. Alam n'yo, kung maglalagay kayo Roon ng kredo, sinisira n'yo lang ang buong kabuoan. Kinakailangan na sako sa kung papaano ba dapat ang dula.

¹⁵³ Kinakailangang sumunod ang taga-kumpas sa kung anong sinabi ng kompositor; kukumpas dapat nang sako, sa musika. Ngayon masdan, ang lahat ng 'yun ay isinasagawa gamit ang mga tanda, at kinakailangang tamang uri dapat ng tanda, para magpalabas ng tamang uri ng tunog.

¹⁵⁴ Sabi ni Pablo, "Kung ang trumpeta ay magbibigay ng dimalinaw na tunog, sinong maghahanda para sa digmaan?"

¹⁵⁵ Ngayon nakita n'yo ang Kompositor, ang Diyos, na Siyang sumulat ng Biblia, ang lahat ng 'yun ay kapahayagan ni Jesus Cristo. Alam Niya ang pagpapalit ng panahon. At ang tao, ang—ang taga-kumpas na ikinukumpas 'yun, 'yung tanda ng panahon, ay kinakailangang sumakto sa mga tanda ng Biblia. Hallelujah! Grabe, grabe, grabe, grabe, grabe!

¹⁵⁶ Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ano na ba itong nangyayari sa mundo? Bakit ako nahihibang? May kung anong bagay na mali sa kung saang dako. Ang simponya ay di kasi tugma sa saliw na nasa Musikang isinulat! Sila'y nagsisigawa ng mga pansimbahang mga kredo at lahat na, samantalang ang Salita dapat ang ipinapangaral, para ihayag. May kung anong bagay na mali sa mga taga-kumpas, kaya naman ang buong banda ay nagkakalabo-labo, at di nila malaman kung ano ang gagawin. Sila'y litong-lito, "Ano bang nangyari? Bakit *ganito* ang ikinikilos nito? Ano, *itong* nangyayari? *Ito*, papaano 'yun nangyari?" Hindi na nga nila malaman kung ano pang gagawin

nila ngayon. Kalat-kalat, dahil di 'yun kailanman tumugma sa saliw ng Salita. Yan nga ang problema sa ating, sinasabi natin na, huling-araw na rebaybal. Yan ang naging problema sa ating Pentecostal na mensahe. Lumihis tayo sa kumpas ng Biblia, lumabas at nag-organisa gaya ng ginawa nila noon. Siya'y lumihis sa kumpas.

¹⁵⁷ Diyos, mahabag Ka po. Kung may mga salita lamang ako para patimuin Ito nang husto, kung papaano bang dapat ito, na magagawa kong buksan ito nang husto at ibuhos Ito.

¹⁵⁸ Hindi ba ninyo nakikita, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, kinakailangan na tumugma ito sa saliw? Ang taga-kumpas ay kinakailangan na nasa Salita. Kapag may sinasabi Itong isang bagay, huwag ibang bagay ang sasabihin n'yo; mali ang ipapakita n'yang senyas, kaya naman ang buong kabuonan ay mawawala sa kumpas. Tama. Ang Salita ng Diyos ay isang dakilang simpatiya, o isang simponya, po pala. Pasensya na po. Kinakailangan n'yong magpasimula gaya ng ginawa Niya, sa Musika. Kinakailangan n'yong magpasimula na kasama Siya. Pansinin, kinakailangan n'yong sumabay sa kumpas Nito.

¹⁵⁹ Sasabihin, "Buweno, nakikianib naman ako sa simbahan." Hindi 'yan ang kumpas. "Ganoon ang ginawa ko." Hindi 'yan ang kumpas. "Dumulog ako sa altar at ang sabi ko—sabi ko, 'naniniwala ako na si Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos.'" Ganyan na ganyan ang ginagawa ni Satanas. Hindi 'yan ang kumpas. Kita n'yo, nawala kayo sa kumpas. Anong nangyari? Siguro may kung sinong taga-kumpas ang nagsabi sa inyo, "Makipagkamay lang kayo at ilagay n'yo ang pangalan n'yo sa aklat ng pagdalo; sumapi kayo sa asosasyon namin, sa aming organisasyon." Nawawala kayo sa kumpas!

¹⁶⁰ Pagkatapos kapag nagsisimula nang maganap ang tunay na bagay sa kalagitnaan ng munting grupo rito, sasabihin n'yo, "Buweno, ano naman *Yan*, nawawala sila sa saliw." Magsibalik nga kayo sa Salita at tingnan n'yo kung sino ang wala sa saliw. Tingnan n'yo kung anong ipinangako ng Diyos. Tingnan n'yo kung ano ang sinasabi ng Kompositor tungkol Dito.

¹⁶¹ Tingnan n'yo, nariyan kasi sa inyo lahat. Yan ang dahilan kung bakit iba ang tingin ng sanlibutan. Gayong ang iglesya ay dapat tinitingala na isang maliwanag, na maningning na bituwin, isang Liwanag na nakapuwesto sa ibabaw ng burol, na walang sinuman ang mas liliwanag pa, walang sinuman ang kokondena Rito.

¹⁶² At, kaso ngayon, isa na itong tampulan ng katatawanan ng sanlibutan, dahil ang mga taga-kumpas ay wala na sa saliw ng Kompositor. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Yung bagay na ikinukumpas nila ay wala naman Doon. Ni hindi nga malaman ng mga musikero kung ano nang gagawin ngayon; ang iglesya, talagang napunta na sa kabaluktutan. Matagal na

nating pinag-uusapan ang lahat ng bagay na ito, sa maraming-maraming taon, at kinokondena ito, at pagkatapos makikisamaroon. Oh, may kung anong bagay na mali kung saan.

¹⁶³ Pansinin, kinakailangan n'yong magpasimula sa Musika nang gaya ng ginawa Niya, pumasok sa kumpas Nito, pumasok sa ipinangakong Salita. Tingnan n'yo ang pamamaraan ng paggawa Niya rito sa pasimula, tingnan n'yo ang pamamaraan ng paggawa Niya rito sa kalagitnaang kapanahunan, tingnan n'yo ang pamamaraan ng paggawa Niya rito ngayon, sa tuwina ay di nagbabago.

¹⁶⁴ Masdan n'yo ang taga-kumpas, kung papaano niya 'yun ginagawa. Kung di ganoon ang paggawa niya, kung itinuturo niya kayo sa kung anong organisasyon; Wala nga ni minsan na isang taga-kumpas ang gumawa ng ganun. Lagi kayong ituturo ng isang taga-kumpas sa Salita. Ang mga propeta ng sinaunang panahon, tumuro sila sa Salita. Sila ang Salita. Ipinamuhay nila ang Salita. At anong ginawa nito? Inihayag nito ang Diyos. Dinala nun ang nasusulat na Salita ng panahon na 'yun sa buhay, dahil Ito'y dumating sa kanila. Nahayag Ito sa kanila. Ito ang naging Bato nila. Hallelujah!

¹⁶⁵ Si Jesus Cristo, ang Salita ng Diyos, ang ating Bato. "Sa ibabaw ng Batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya," ang Salita ng Diyos na nahayag. Shalom, sa mananampalataya na tunay. Kapayapaan! Nasa pagwawakas na tayo ng panahon. "Sa ibabaw ng Batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya," ang kapahayagan ng Salita.

¹⁶⁶ May nagsabi, "Buweno, isa Kang dakilang tao. Para Kang si Moises. Isa Kang dakilang tao. Para Kang si. . ." Hindi 'yun ganoon.

Bagkus sinabi ng kapahayagan, "Ikaw ang Anak ng Diyos."

¹⁶⁷ Ang sabi, "Hindi Ito ipinahayag sa iyo ng laman at dugo, kundi ng Aking Amang nasa Langit. Sa ibabaw ng nahayag na Katotohanang ito, ay itatayo Ko ang Aking Iglesya."

¹⁶⁸ Ano ito? Siya ang Salita. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos," at ang Salita ay nananatili pa ring Diyos. Siya nga'y, siya pa rin ngayon, inihayag ang Kanyang Sarili kung papaano Siya noon; kina Moises at Elias, pababa sa panahon, at kay Jesus, at siya pa ring Diyos ngayon, na anupa't Siya'y "Si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman," Mga Hebreo 13:8. Kita n'yo, ni hindi nga nila kayo itinuro sa isang grupo. Itinuro nila kayo sa isang Tao, itinuro kayo sa Salita, sa Diyos.

"Saan ba dapat ako magpasimula, Kapatid na Branham?"

¹⁶⁹ Sa Krus, magsimula kayo sa Krus sa Kanya. "Magsipagsisi kayo, sumampalataya sa Salita," 'yan ang sinasabi ng Biblia.

Pagkatapos sumabay kayo sa kumpas ng kabuoan ng natitira pang Salita.

Sasabihin n'yo, "Buweno, ano nang gagawin ko?"

¹⁷⁰ Basta't magpatuloy lang kayo sa pagsunod sa kumpas ng Salita. Kung "magsisi" ang unang bagay, para magkaroon ng pagkakilala, 'yun ang gawin n'yo, 'yun ang unang hakbang. Ilapat n'yo ang kasunod n'yong hakbang sa kung saan sabihin ng Salita. Tapos tuloy, tuloy-tuloy, at patuloy na magmamartsa kasama Siya.

¹⁷¹ Huwag n'yong sisirain ang kumpas kung kayo'y bahagi ng simponya ng Diyos. Huwag kayong sisira sa kumpas ng Salita. Huwag n'yong itanong, "Buweno, bakit? Bakit *ito* nangyari? Akin namang sinusubukan, Kapatid na Branham, at, nung paalisin nila ako, alam mo ba kung anong nangyari sa akin? Parang mamamatay na ako sa gutom." Huwag n'yong itanong. Alam na alam Niya ang kumpas, kung papaano ito magpapalit ng eksena, at sa kung anong dugtungan ito tatapat, siyanga, po, dahil Ito'y nasusulat. Alam Niyang lahat Ito. Alam na alam Niya ang kumpas. Huwag kayong magtatanong kung bakit. Sampalatayanan n'yo Ito!

¹⁷² Ang Diyos ay kumilos sa bawat panahon na nagdaan sa kasaysayan, dala-dala ang Kanyang ipinangakong Salita, sa bawat kapanahunan, at ni minsan ay di nabigo (na masira) sa kumpas, sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos, nung Ito ay dumating sa mga hirang at pinagtibay na mga tao. Ang kumpas ng Kanyang Salita doon sa panahon noon ni Noe, ang kumpas ng Kanyang Salita doon sa panahon noon ni Noe, sa panahon noon ni Moises, sa panahon noon ni Elias, sa panahon noon ni Juan, sa panahon noon ni David, sa panahon noon ni Jesus, hanggang ngayon, lagi Siyang nananatili sa kumpas ng Salita, hanggang ngayon, ni minsan ay hindi Ito binali. Siya nga'y tumugaygay mismo rito sa kasaysayan. At ang Binhi na hinirang, na nakita Ito at sinampalatayanan Ito, sila nga'y nanatili sa kumpas kasama Ito.

¹⁷³ May mga magsasabi, "Buweno, pero ang sinasabi naman ng iglesya ay..." Wala nga 'yang kinalaman Dito. Hindi kayo ipinanganak para gawin 'yan.

¹⁷⁴ Ipinanganak kayo sa Salita, dahil ipinanganak kayo kay Cristo. Si Cristo ang Salita, siyanga, po, ang bawat isa sa kanyang kapanahunan.

¹⁷⁵ Sasabihin n'yo, "Buweno, sinasabi ko nga sa iyo, Kapatid na Branham, hindi ko nga kayang tumingin sa hinaharap."

¹⁷⁶ Kung ganoon tumingin kayo paitaas. Ipinangako 'yun ng Diyos, na kung kayo'y titingin paitaas, makikita n'yo Siya; shalom, kapayapaan, ang kapayapaan ng Diyos ay humimlay sa inyo.

177 Sasabihin n'yo, "Kung ganoon bakit ako tinutuya ng iba, Kapatid na Branham? Alam n'yo, tinutuya ako ng iba, at ang sabi'y ako raw—ako raw ay may 'mahabang buhok,' ako raw ay 'makaluma,'" sa mga kababaihan. Sa mga kalalakihan naman, "Dahil naniniwala ako sa Biblia, 'Wala ka nang kapisanan sa amin ngayon. Hindi ka na namin matatanggap kasi—kasi naniniwala ka sa *ganito-at-ganoon*.'"

178 At alam n'yo nga na saktong 'yan na 'yan ang pagkakasulat sa Salita. Ang Diyos ay may tungkulin, na tuparin Yan sa inyo. Tunay na Kanya ngang gagawin. Huwag n'yong ipag-alala ang bagay na 'yan, kung bakit ka nila tinutuya. Ang Diyos ay isang Diyos na mapanibughuin. Alalahanin n'yo, ang magbata alang-alang sa Kanyang Salita ay mga pagpapakasakit lang dahil sa paglago sa Kanyang biyaya. Kung kayo ay nagbabata alang-alang sa Kanyang Salita, mga pagpapakasakit lamang 'yan na inyong nararamdaman dahil sa paglago.

179 Alam n'yo naman kung papaanong sa isang munting paslit, na sampu, labing-dalawang taong gulang, kung papaanong dumadanas siya ng pananakit. Lalapit, sasabihin, "Nanay, nananakit ang mga braso ko't mga binti," at kung anu-ano pa. Mga kasakitan lang 'yan na dulot ng paglaki. Ipinapakita lang n'yan na siya'y sagana sa bitamina. Siya'y lumalaki.

180 At kung may babaling nga't tutuyain ka, sasabihin, "Isa siyang makaluma. Tingnan n'yo nga siya, siya'y. . . Oh, sinasabi ko nga sa inyo, dati-rati isa siyang. . ." Ayos lang 'yun, basta't pagkatandaan n'yo, mga pagpapakasakit lang 'yan na dulot ng paglago. Yan nga ang mabuting naidudulot sa inyo ng pag-uusig. Mga pagpapakasakit lang 'yan dahil sa paglago.

181 Oh, siyanga, pinahihintulutan Niya ang mga krus at mga sangang daan at mga dugtong sa daan. Lagi Niyang ginagawa 'yan, nang sa gayon tayo'y pasakdalin para sa Kanyang gawain. Pinahihintulutan Niya na mangyari ang ganyang mga bagay. Hindi ba't nauunawaan n'yo 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ginagawa Niya 'yan nang sa gayon kayo ay Kanyang pasakdalin para sa pagtawag na tinawag Niya para sa inyo. Yan ang mga pagpapakasakit na dulot ng paglago. Kanya ngang ginawa 'yan noon kay Daniel, alam n'yo ba.

182 Kanyang ginawa 'yun sa mga binatang Hebreo, sa nag-aapoy na hurno. Anong ibinunsod nung nag-aapoy na hurno? Nilagot nga ng nag-aapoy na hurno ang mga gapos na tumatali sa kanila. Yun nga ang ginawa ng hurno, sadyang sinunog ang mga gapos para malagot.

183 Kung minsan kinakailangan lang talaga ng mga pagsubok para lagutin ang mga gapos ng sanlibutan para makawala tayo, para ilabas tayo mula sa sanlibutan. Marahil, ilabas ka muna riyan sa inyong kredo, muna. Tulad sa isang lalaking nalulunod sa ilog, kinakailangan na iahon n'yo muna siya sa ilog bago

n'yo maalis ang ilog sa taong 'yun. Ganoon nga ang paraan ng paggawa ng Diyos kung minsan. Hahayaan na palayasin ka nila, muna, pagkatapos maiaalis na nila ang sanlibutan mula sa iyo. Kinakailangan na—kinakailangan na maialis muna kayo sa sanlibutan, una sa lahat. Kung minsan itong mga pasakit na ito na dulot ng paglago ang nagbubunsod nun. Oh, siyanga.

¹⁸⁴ Ang Diyos ay nakatayo sa ipinangakong Salita sa bawat bagong taon. Siya'y nakatayo Rito, sa taon na ito, para tuparin ang Kanyang ipinangako para sa taon na ito. Anupaman 'yun, nais ko nga na naroon ako mismo sa gitna ng kalooban Niya sa hinaharap, gaya ng ginawa nila noon.

¹⁸⁵ Katulad ni Abrahan, nung marating niya ang kanyang sangang daan, hindi nga niya malaman kung paanong gagawin niya roon. Sinabi sa kanya ng Diyos, "Pagkakalooban Kita ng isang anak na lalaki." Naghintay siya ng dalawampu't limang taon para dun. Sa wakas dumating na ang anak, pagkatapos sinabi ng Diyos, "Ngayon, sa pamamagitan nga ng anak na ito, ika'y gagawin Kong ama ng maraming bansa. Kunin mo siya't dalhin sa dakong 'yun at patayin. Dalhin mo siya sa dakong 'yun at patayin mo siya," sirain ang mismong pinaka bagay na hinintay niya ng dalwampu't limang taon. "Dalhin mo siya roon at patayin siya."

¹⁸⁶ Ni hindi nag-alala si Abraham. Hindi siya naligalig nun. Dinampot niya ang mga kahoy at ipinasan 'yun sa isang munting asno, at dinala niya ang kanyang anak. Dinala siya sa ibabaw ng burol, para ialay siya, dahil alam ni Abraham na ang anak na 'yun ay tinanggap niya nung siya'y animo'y mula sa patay; patay na noon ang sinapupunan ni Sarah, siya nama'y baog, kaya walang paraan. At 'yung bata... Siya'y sangdaang taon na, at ang asawa naman niya'y siyamnapu, kaya ang bata ay dumating sa pamamagitan ng ipinangakong Salita. Ang siya ring Diyos na nangako, nagsabi, "Gagawin Kitang ama ng mga bansa," pagkatapos ng dalawampu't limang taon, at gayong siya'y sangdaang taong gulang na, siya at ang kanyang asawa ay tumanggap ng anak. Kung sinabihan siya ng Diyos na ialay ang bata, ang Diyos nga'y may kakayahan na ibangon ang bata. Amen.

¹⁸⁷ Purihin ang Diyos, mga kapatid. Ang sarap ng pakiramdam ko. Pakiramdam ko nga'y napupuspos ako. Ganoon na lang kasarap ang pakiramdam ko! Tunay na nalalaman ko ang isang bagay na ito, na may kakayahan Siya na ibangon ang bata uli. Tayo'y titindig mismo sa di-hinaluang Salitang ito ng Liwanag para sa panahon na ito! Ibangon nga tayo ng Diyos kapag darating na ang henerasyon ito, na katulad sa nagliliwanag na mga Liwanag laban sa henerasyon na ito. Amen.

¹⁸⁸ Hindi na nga nakapagtataakang sinabi Niya, "Ang reyna ng Timugan ay babangon sa Paghatol, kasama ng kanyang salin

lahi, at hahatulan ang isang ito; sapagkat siya'y nanggaling pa mula sa mga dulo ng daigdig, upang makinig sa karunungan ni Solomon, at, narito, isang lalong higit pa kaysa kay Solomon ang narito." Ganoon na lamang ang ginawa ng munting reyna na ito, na mula pa doon sa kalayuan, isang pagano, na nakita ang Liwanag, at naglakbay nang milya-milya sa disyerto, nang tatlong buwan sa likod ng kamelyo, para mapakinggan ang karunungan ni Solomon, at sila nga'y tumayo roon, sa piling ni Solomon bilang tipo, isang unang pagpapakilala sa Kanya.

¹⁸⁹ At pagkatapos ay dumating at nakita itong sina Wesley, Luther, ang lahat ng iba pa, mga denominasyon sa panahon na 'yun noon, bilang paunang pagpapakita at tipo ng kung ano ang nangyayari sa kasalukuyan, at dumaan pa sila Rito mismo. Oh! Buweno.

¹⁹⁰ Yamang, hayan nga ang bagong taon na itinakda ng Diyos, sadyang itinakda na manatili sa Kanyang Salita. Lumakad kayo kung saan sinabi ng Salita na lumakad, habang papalapit na tayo sa pagtatapos ngayon, gaya ng ibang, hinirang na Binhi sa kung anong ginawa nila noong panahon nila nung makita nila ang Salita. Ano ang ginawa nila roon? Lumakad sila Rito, kung sila'y mga hinirang na Binhi sa kanilang kapanahunan na 'yun, dahil Siya ay Salita na di-nabibigo. Ilan po sa mga narito ang nananampalataya na si Jesus Cristo'y ang Salita? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, grabe!

¹⁹¹ May napakinggan po akong programa nung isang araw, ng isang denominasyon ng mga tao, si G. H. M. S. Richards po ang sabi niya siya'y "nakapagsulat ng isang aklat para sa buong sangtaon." Di ko naman gustong sumalungat sa lalaking gaya nun. Gayong, siya ay isang Seventh-day Adventist, di po ako sumasang-ayon sa doktrina ng Seventh-day Adventist, pero tunay na kinaluluguran ko 'yung lalaki. Pero di ko siya sasang-ayunan sa pagkakataong ito. Marahil 'yun ay aklat ni H. M. S. Richards para sa bagong taon.

¹⁹² Pero ang Aklat ko nga at ang inyong Aklat, para sa bagong taon, ay ang Aklat ng nagdaang taon, ang Biblia, ang Salita ng Diyos. Sadyang ipangyayari Ito na ipamuhay kung ano mismo ang ipinangako Nito na dapat ipamuhay. Siyanga, po. At bawat taon na parating, at bawat taon na nagdaan, Siya ang Walang Hanggang Diyos na nabubuhay sa pamamagitan ng Walang Hanggang Salita na Kanyang binigkas, sa panahon na ang bawat Katotohanan sa Biblia at bawat pangakong kalakip Dito ay pinatotohanan na, kung paanong ganoon din ang nangyari sa mga nagdaang mga taon.

¹⁹³ Katulad nga nung kung papaanong ipinangako ng Diyos na Kanyang wawasakin ang mundo sa pamamagitan ng tubig, at Kanya 'yung pinatotohanan kay Moises . . . o kay Noe.

¹⁹⁴ Nangako Siya na Siya'y magpapadala ng tagapagligtas, at hahanguin ang Israel palabas ng Egipto; sila'y nangasa ibang bayan nang apatnaraang taon. Saktong 'yun mismo ang ginawa Niya.

¹⁹⁵ At nanumpa Siya na Kanyang ibabangon si David, at kung papaanong si David ay magiging isang—isang anak; si Cristo ay magiging anak niya, sa pamamagitan ni David ay darating si Cristo. Kanya ngang ipinanumpa na gagawin Niya 'yan; ganun mismo ang ginawa Niya.

¹⁹⁶ Nangako Siya na ipapadala Niya si Juan Bautista, bago ang pagparito ni Jesus Cristo. Ganoon mismo ang ginawa Niya.

Nangako Siya na ipapadala Niya ang Mesiyas. Ganoon na ganoon mismo ang ginawa Niya.

¹⁹⁷ Ipinangako Niya na ang mundo ay mapapadpad sa isang malaking grupo ng mga organisasyon at gagawa ng sistema, isang kapangyarihan, na mas kilala bilang yaong hayop, at mapapasa dakong 'yun na mauupo sa ibabaw ng pitong burol. Ganoon mismo ang nangyari.

¹⁹⁸ Maging 'yung gagawang pag-uusig ng iglesya sa kanila, para sila'y mamatay! Ganoon mismo ang ginawa nila.

¹⁹⁹ Maski 'yung paglabas nila sa panahon ng repormasyon! Ganoon mismo ang ginawa nila. Talagang kung papaano Niya ipinangako na mangyayari sa bawat panahon!

²⁰⁰ At Siya'y may ipinangako para sa kapanahunan na ito. At heto nga Siya, ngayon, na ginagawang buhay ang Salita na 'yun, nang sakto sa ginawa Niya noon sa pasimula. Tunay.

²⁰¹ At kapag natupad na ang bawat pangako, “ang kamatayan ay nilamon na ng pagtatagumpay,” darating si Jesus; at kapag ang pinakahuling pangako ay pinatotohanan na, ay darating ang isang Walang Hanggang kapayapaan sa lupa, at isang Walang Hanggang shalom. Isang Walang Hanggang shalom, kapayapaan, ang mananahan dito sa lupa.

²⁰² Noong naparito noon si Jesus, ang Pangulo ng Kapayapaan, bakit walang kapayapaan? Dahil ang lahat ng Salita ay di pa noon natutupad sa panahon Niya. Ngayon Niya ito tinutupad. Pero hayan nga't kapag ang lahat ng ipinangakong Salita, na siyang kaisipan ng Diyos . . .

²⁰³ Ang *Salita* ay isang “kaisipan na nahayag.” Ang Diyos, sa Kanyang pag-iisip, inisip Ito, at inihayag Ito sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, at ngayon kinakailangan na Itong matupad. At, mangyaring, Kanyang paunang sinabi na ang mga bagay na ito para di tayo makagawa ng pagkakamali at mamaling mapadpad sa kadiliman, kapag nakita na natin ito na natutupad.

²⁰⁴ Ngayon, nangako Siya na ipapadala si Cristo sa ikalawang pagkakataon. At kung kailan man Siya darating, sa pagdating

ni Cristo sa ikalawang pagkakataon, magkakaroon ng Walang Hanggan na shalom.

²⁰⁵ Pakinggan n'yo po ito, mga kaibigan, sa ating pagtatapos. Alalahanin n'yo, ang Biblia ang bukal ng lahat ng karunungan. Hindi Ito nagmumula sa Doktor, Ph. D., LL. D. Nagmumula Ito sa Salita ng Diyos.

²⁰⁶ Naroon noon ang mga Doktor ng Dibinidad na nakaupo roon, nasa sandaan sila, at may maliit na labindalawang taong gulang na Binatilyo na pinangaralan sila, dahil Siya ang Salita. Yaong munting Binatilyo ay wala man lang edukasyon, pero sa kabila nun Siya mismo ang Salita. Dahil Siya ang Liwanag na binigkas para sa kapanahunang 'yun, Kanyang inihahayag ang Salitang 'yun. Nasa Kanya ang Salita. Nararapat lamang. Di na nga nakapagtataakang anumang sabihin Niya ay natutupad, dahil Siya ang Salita. Nauunawaan n'yo ba? Lahat ng nakaka unawa, magsipagsabi ng, "Amen." [Sinاسب ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siya ang Salita.

²⁰⁷ Alalahanin n'yo ang Biblia, at di lang aklat-para-sa-taon na basta isinulat lang ng isang tao. "Ang salita ng bawat tao'y kasinungalingan, ngunit ang Akin ay Katotohanan."

²⁰⁸ At hayan nga ang mga sekta at mga relihiyon, at—at kung anu-ano pa, hayan nga't ang lahat ay napunta na sa sobrang halo-halo na dahil hinaluan n'yo Ito ng kung sinu-sinong tao. Ang Diyos ay di kailanman nakikipag-ugnay sa isang grupo. Kung si Jesus nga ay aparito ngayon, Siya ba'y papanig sa mga Methodist, sa mga Baptist, sa mga Adventist, sa Jehovah Witness, Christian Science, mga Pentecostal, mga Presbyterian? Hindi, po. Hindi Niya gagawin kailanman.

²⁰⁹ Isa itong pang-indibiduwal na ugnayan, ikaw at ang Diyos. Walang dalawang tao ang magkikita sa mata sa mata, nang saktong magkatulad talaga sila; walang dalawang hinlalaki ang magkatulad. Nakikipag-ugnay ang Diyos sa indibiduwal. At papaano n'yo malalaman kung ang tao nga'y tama o hindi? Haya't tingnan n'yo nga't tingnan kung siya ba'y nasa Salita. Kung siya'y nasa Salita, kung ganoon ang Diyos ay nakikipag-ugnay sa kanya; kung di naman, may kung anong ibang bagay ang nakikipag-ugnay sa kanya. Kita n'yo? Ganoon 'yun.

²¹⁰ Alalahanin, ang Biblia ang bukal ng lahat ng karunungan, at ang may hawak ng lahat ng pag-asa sa hinaharap sa loob Nito. Shalom, kapayapaan ng Diyos!

²¹¹ Kagaya na lang sa isang kuwento na ikinuwento minsan, tungkol sa isang batang lalaki na namatayan ng kanyang tatay bago pa man sumapat ang gulang niya na nakikita na niya ang kanyang tatay; batang sanggol pa lang siya nung mamatay ang kanyang tatay. Isang araw nung siya'y sampu, labing-dalawang taong gulang na. Haya't may nakatatanda siyang kapatid na lalaki, na ang pangalan ay John. Nagpunta siya sa kuya niyang

ito, at ang sabi “Uh, John,” na mas matanda sa kanya ng ilang taon, sabi, “iyo bang, iyo bang naaalala ang tatay?”

Sabi, “Oo naman.”

Sabi, “Anong itsura niya?”

²¹² Sabi, “Buweno, isa siyang matangkad na lalaki, at isa nga siyang mabuting tao. Lagi siyang mabait kay nanay, at mabait sa—sa akin, at mabait siya sa lahat.”

Ang sabi niya, “Buweno, ’yun lang ba ang alam mo tungkol sa kanya, John?”

²¹³ Sabi niya, “Buweno, sasabihin ko sa iyo.” Sabi, “Henry,” sabi, “sinasabi ng lahat na kamukha ko—ko raw siya.” At sabi, “Sinasabi ng lahat na kaparehas ko siya ng katangian.”

²¹⁴ Sabi niya, “Oh, mabuti kung ganoon! Yan lang naman ang gusto kong malaman.” Sabi, “Na kapag nakikita kita, nakikita ko na ang tatay ko.”

²¹⁵ Hayan nga. Kapag makikita ng—ng mundo si Jesus Cristo, ’yun nga’y makikita sa inyo, kapag nahayag ang Salitang ito na isinulat para sa kasalukuyang panahon na ito.

²¹⁶ Saang dako n’yo nakikita si Jesus kay David? Kapag ang Salita ay nahayag sa pamamagitan niya.

²¹⁷ Papaanong nakikita n’yo si Cristo, ang Diyos kay Elias, sa karwaheng ’yun na patungo sa Langit, na nakikita n’yo si Jesus kay Elias? Dahil nga, ang Salita ay pinagtibay.

²¹⁸ Papaanong nakikita n’yo Ito kay Moises? Si Jesus kasi’y na kay Moises. Yan ang sinasabi ng Biblia. Kita n’yo, ganoon nga, Siya ang nagniningas na kahoy na kasama ni Moises sa ilang.

²¹⁹ Papaano mapagkikilala ng mga tao si Jesus Cristo? Kapag kanilang, siya, nakita Siya sa inyo, kapag nakita nila si Jesus na nasa inyo. Dahil, sinabi Niya, “Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. Lalong dakila kaysa rito ang gagawin n’yo, dahil Ako’y paroroon na sa Aking Ama.” Tama po ba ’yun? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sa ganoong paraan nga nila, ng sanlibutan malalaman.

²²⁰ Hindi dahil sa ang Pentecostal Oneness ay higit kaysa sa Pentecostal Twoness, o ang Twoness ay higit sa Threeness, o anumang ’yang nariyan sa inyo; hindi dahil sa ang Methodist ay higit kaysa sa Baptist; o ang Southern Baptist ay natamo niya lahat ng gantimpala para sa taon na ito sa lahat ng—lahat ng mga kaiglesyahang Baptist, lahat ng mga Protestante. Na mas maraming miyembro ang naakay nila sa taon na ito kumpara sa iba pa sa kanila, na sa pagkakaintindi ko, ay base sa bilang. Di nga sila magiging angat dahil dun. Hindi kayo kinikilala ng Diyos sa pamamagitan ng bilang. Haya’t ang mga pagano nga ay mas higit sa inyo lagi sa bilang, anumang oras. Talagang

mas marami sa inyo ang Katoliko. Nasa Mohammedanismo ang bilang. Kita n'yo?

221 Napagkikilala kayo kapag si Jesus Cristo ay nananahan sa inyo, sa pamamagitan ng Kanyang Buhay, at ang ipinangakong Salita para sa panahon na ito ay inaaninag ang Sarili Nito. Kita n'yo?

222 Ngayon ang siya ring Salita na pinaaninag kay Moises noon ay di maaaring ipaaninag kay Elias, dahil ibang panahon 'yun. Yung pinaaninag kay Noe ay di maaaring ipaaninag dun kay Moises, dahil, kita n'yo, si Noe ay gumawa ng daong, si Moises naman ay nanguna sa isang bayan, katulad ng ipinangako. Yung liwanag na pinaaninag sa isa, ay hindi 'yung nasa isa pa, pero ang isa'y nagsasaysay tungkol dun sa isa pa.

223 Ang buong Bagong Tipan ay nagsasaysay tungkol sa oras na ito. Sinasaysay ni Jesus Cristo ang tungkol sa oras na ito. Sino ngayon ito, kung ganoon, basta isang tao lang ba? Si Jesus Cristo ito, ang Anak ng Diyos, nahahayag, pinapaaninag ang Liwanag ng Salita na Kanyang ipinangako para sa araw na ito.

224 Kapag nakikita ng tao na ang pamumuhay mo'y kagaya Niya, kapag nakikita niya na ang iyong katangian at ang iyong pag-uugali sa Salita ay saktong kagaya Niya, na ang Salita ay nahahayag namang tunay, sa ganoo'y ang nakikita ng taong 'yun ay si Jesus Cristo. Hindi na nga nila kailangang hagilapin 'yun sa kung saan-saan, sasabihin, "Ano ba ang itinuturo ng kredong ito, ano ba ang itinuturo ng kredong *iyon*?" Makikilala nilang Diyos 'yun kapag nakita ka nila.

225 Shalom, ang kapayapaan ng Diyos ay maging Liwanag sa inyo! At kapag ang Salita ng Diyos ay mapatotohanan na sa kapanahunang ito, nang ganap, at nakikita n'yo Ito at inyong sinasampalatayanan Ito, shalom sa inyo!

226 Salubungin n'yo ang bagong taon na kalakip ito, ilagay n'yo Siya na katulad sa sinabi ni David, "Siya'y ilalagay kong lagi sa aking harapan. Dahil Siya ay nasa aking kanan, hindi ako matitinag." Kung kaharapin n'yo ang kamatayan sa taon na ito, anong kaibhan ang maidudulot nun? Nangako ang Diyos na Kanya kayong ibabangon. Kung mapatay ka man ng isang aksidente, anong kaibhan ang maidudulot nun? May Walang Hanggang Buhay ka na, "Akin siyang ibabangon sa huling mga araw." Amen. Papaano kaya kung may anumang mangyari? Anuman ang bagay na 'yan, walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos, na nakay Cristo. "Kagutuman, panganib, kahubaran, anupaman 'yan, walang makapaghihiwalay sa atin na kahit na ano sa pag-ibig ng Diyos, na nakay Cristo." At Siya ang Salita. Shalom!

227 Atin na pong iyuko ang ating mga ulo. Ngayon bawat isa'y iyuko n'yo lang ang inyong ulo pansumandali. Kapayapaan ng Diyos!

228 “Masalimuot . . .” [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] “Kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Noe, kung saan ang mga tao ay nagsisikain, nagsisiinuman, nag-aasawa, pinag-aasawa,” isang Reno, Nevada, at ang buong sanlibutan ng pulang ilaw, “ay gayundin ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.”

229 “Kung papaano ang nangyari sa Sodoma,” kung saan ang Diyos ay nahayag noon sa isang Tao na tinawag ni Abraham na Elohim, Siya na may buong-kasapatan; tumayo roon, kumain ng karne, uminom ng gatas, at tinapay; at nagawang sabihin kung anong iniisip ni Sarah sa likuran, sa likod Niya, sa may tolda. Sabi Niya, “Manunumbalik uli iyon sa pagparito ng Anak ng tao.” “Kaunting panahon pa, at di na Ako makikita ng sanlibutan; gayunma’y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako’y sasainyo, sumasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan.”

230 Ang pagbalik ng mga Judio sa kanilang lupain. Ang mga bagay na nangyayari na, dito sa panahong ito, ang makapipigil lang sa akin na simulang sabihin ang kalahati sa kung anong nangyayari na, dahil haya’t nakikita na natin ito. Ano ’yun? Ang Salitang nahahayag.

231 Ano sa palagay n’yo ang ginawa ng mga Hebreo nung makita nila ang Salita na nahahayag na, alinsunod sa pangako? Sila nga’y nagsipaghandang umalis sa lupain.

232 Kung di pa kayo handa ngayon, kaibigan, simulan n’yo ang bagong taon na ito nang tama, simulan n’yo ito na ang kamay n’yo ay nasa kamay ng Panginoon, na ang Salita ng Diyos ay nariyan sa inyong puso, na sinasabi, “Panginoong Jesus, hindi ko po alam kung aling bahagi ng Simponyang ito ang ninanais Mo sa akin na tugtugin ko, pero sa pagdating sa dugtungan na ako’y uusigin, pagtatawanan, tutuyain, maninidigan pa rin ako nang sa gayon ang Iyong Simponya ay di masira nang dahil sa akin. Mananatili ako sa Iyong Salita, kahit ano pa Ito. Ako’y mananatili talaga roon. At kapag kumatok na ang kamatayan sa aking pinto, ’yun ay bahagi nga ng Simponya. Malalaman ko sa sandaling ’yan, na, kung papaanong tiyak na tiyak na ang kamatayan ay kumakatok sa aking pinto, ang pagkabuhay na mag-uli ay kakatok isa sa mga araw na ito, rin, at Iyo po akong ibabangon uli. Ito’y bahagi ng Iyong Simponya. Panginoon, Iyo pong itulot na ako’y maging bahagi ngayon, kung Iyo lamang mamarapatin?”

233 Ilan po rito ang nagnanais na kunin ang panatang ’yan, at sasabihin, “Simula sa bagong taon na ito, Kapatid na Branham, simula sa pagtitipong ito, ngayon din, ipinapangako ko ngayon sa Diyos, na maninidigan ako, na di ako papalya na manatili mismo sa Kanyang ipinangakong Salita, at ako’y mamumuhay nang sadyang sakto sa paraan na ipinangako Niya rito, nang may kaamuan at kababaan ng loob; nang sa gayon kunin ng Diyos ang buhay ko’t ilagay ito sa dakila Niyang Simponya, sa siyang grupo

na 'yun na babangunin Niya sa huling mga araw. Itataas ko ang aking kamay, Kapatid na Branham, hindi sa iyo, kundi sa Diyos. Alalahanin mo ako sa panalangin"? Pagpalain kayo ng Diyos, sa lahat ng dako. Pagpalain kayo ng Diyos. Ang aking mga kamay ay nakataas, din.

²³⁴ Panginoon, kunin Mo po ako. Panginoong Diyos, huwag Mo pong itulot na ang aking isip, ay maging tulad kay Judas, nang dahil sa kaunting dolyar, nang dahil sa kung anong kalakaran ng sanlibutan, o nang sinuman na tatapik sa aking likod, at magsasabi, "Oh, Kapatid na Branham, ganito ito . . ." Huwag nawa, huwag nawa. Diyos, huwag Mo pong itulot na mangyari 'yun sa akin. Tatahakin ko lamang ang daan na kasama ng mga kakaunting hinamak na pinili ng Diyos. Ako'y magiging isang kapatid sa kahit sino, gagawin ko ang lahat ng makakaya ko, Panginoon, na mahal in ang mga tao ng buong puso ko. Pero, Panginoon, huwag Mo pong hahayaan na lumihis ako sa Salita na ito. Gusto ko pong bumangon sa huling mga araw. At sila lamang na kasali sa dakilang Simponyang 'yun, Panginoon, gaya ng sinisikap kong ipaliwanag sa hapon na ito, sila lamang ang magbabangon sa dulo ng—dulo ng isinulat na musika, sa panahon ng dakilang pagkabuhay na mag-uli, na haya't ang mga Anghel ay magsisipalangkapan ng kanilang mga kamay at ang mga banal ay magmamartsa na papasok. Sa kanila na gaganap sa bahaging 'yun ng dakilang dula na ito na ginaganap namin, ay ipinapanalangin ko, Panginoon.

²³⁵ Alam po namin na sa isang dula ang mga gumaganap doon ay nagpapalit ng maskara, sila ay magmumula sa isang bagay papunta sa isa pa, at 'yan mismo ang Iyong ginawa. Ikaw ay nagbuhat sa Espiritu, Diyos, ang Dakilang Jehovah, at nagsuot ng maskara ng isang tao, nagpalit ng ipapakita Mong—Mong—Mong katangian; nagpalit Ka. Iniunat Mo ang Iyong tolda. Bumaba Ka mula sa Diyos, at naging tao, nang sa gayon Ikaw ay mamatay at tubusin ang tao. Nagpalit Ka ng Iyong maskara.

²³⁶ Pagkatapos nun muli Ka na namang nagpalit, at ang isinuot Mo namang maskara sa Iyong Sarili ay ang mga tao na sumasampalataya't kumikilos nang naaayon sa Salita na Iyong isinulat dito. Mapapalad ang mga mata na makakakita Nito, mapapalad ang mga puso na tatanggap Dito, mapapalad ang mga tainga na makikinig Dito, dahil may parating talaga na pagkabuhay na mag-uli kapag tapos na ang Simponya. Diyos, Iyo ngang itulot na lahat kami'y maparoon, kung mamarapatin Mo? Pagpalain Mo po ang munting grupo na ito.

²³⁷ Sa pagsasalita rito nang gaya nito, Ama, alam po namin na ang teyp na ito ay makakarating sa buong mundo. At heto nga ang isang mabuti't, munting grupo na nakaupo rito ngayon, ito pong nakikita kong mga nagsidalo rito sa Phoenix. Oh Diyos, sa labinglimang taon ng puspusang pangangaral at pananaway, haya't, Diyos, Iyo pong nababatid ang dahilan, pag-ibig! Ang

pag-ibig ay—ay nagtutuwid. Ang pag-ibig ay—ay pananaway. Ang pag-ibig ay dumidisiplina.

²³⁸ Oh Diyos, nawa'y maibilang ko ang aking sarili sa mga taong narito sa sanglinggong ito, at nawa disiplinahin Mo po kami, Panginoon, sa Iyong Salita. Nawa'y makita namin ang Iyong kapangyarihan na nagpapabangon sa mga maysakit at mga nagdadalamhati, na ang mata ng mga bulag ay mabuksan, na ang Espiritu Santo ay bumaba't makita sa silid na ito. Nawa ang bawat ministro at bawat iglesya ay magningas. Nawa sa malakihang pagtitipon ng mga kalalakihan sa pagnenegosyo na parating, Panginoon, ang bawat puso ng mga kalalakihan sa pagnenegosyo, sa siyudad na ito, ay mag-alab para sa Diyos. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Hindi po namin alam kung ano po ang dapat naming gawin dito, haya't ang humiling lang at sumampalataya na ito'y maipangyayari. Itinatagubilin po namin ang aming mga sarili sa Iyo, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, na aming Panginoon.

At ngayon magsitayo po tayo.

²³⁹ Ako po'y di kagalingan sa pananalita, nagkakamali ako ng bigkas sa mga salita ko, at nais ko pong sabihin ito dahil may nararamdaman akong pangunguna na sabihin ito. Ilan po sa mga narito ang magtataas ng kanilang kamay, na inyo nang nauunawaan ang ibig kong sabihin tungkol sa "Simponya ng Diyos"? Itaas n'yo po ang inyong kamay. Salamat. Mabuti. Inyo ba 'yang sinasampalatayanan? [Sinasaki ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁴⁰ Hayan nga't, isa itong Simponya, kita n'yo. Matatagpuan n'yo Ito na sasapit sa dugtungan, ang lahat nga'y nagtataka. Ang tawag ko po dun ay dugtungan. Wala po akong masyadong alam sa musika; sa musikero po rito, haya't, marahil kanya—kanya akong mapapatawad kung mali man ang pagkasabi ko rito. Pero, ito nga, haya't kanilang ikinukumpas 'yun, may mga bagay na dapat ganapin. Ito nga'y tutugaygay sa isang tunay na mababa, talagang kababaan, na magtataka kayo kung ano ba Ito; pero, kita n'yo, kung kayo ay sasaliw sa kumpas Nito, inyo Itong mauunawaan. Iyon lang ang tanging paraan para inyong maunawaan ang Diyos, ang pumasok nga sa kumpas Nito.

²⁴¹ "Ano Ito? Papaano ko? Kapatid na Branham, ako nama'y tapat na Methodist, Baptist, o Pentecostal." Pero hindi 'yun ang kumpas.

²⁴² Ang kumpas ay ang Diyos. Ang Diyos ay Salita. Ang Salita ay Diyos. Ang kumpas ng Diyos, ay, ang sundin ang Kanyang Salita. Na kapag inyong susundin ang Salita, Kanya ngang isinasaliw ang kumpas sa kaibuturan n'yo mismo, at sa ganoon ay makukuha mo na ang puwesto mo. Saanman Ito magpunta, pababa, pababa, pababa, pataas, anuman Iyon, alam mo na ang mga dugtungang 'yun.

Minsan sasabihin n'yo, "Oh, mga pasakit sa puso't mga pagsubok na naman!"

²⁴³ Hindi ba't sinabi ng Diyos, "Ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Kanya, habang ikinukumpas Ko ang Aking Simponya"? At masusumpungan n'yo 'yan sa tuwing kayo ay may dalamhati't lugmok, at inuusig, at nililibak. Alalahanin n'yo, bahagi lang 'yan na dumadaan talaga sa ganyan. Kung hindi 'yun ganoon, haya't ang Simponya ay wala sa tono.

²⁴⁴ Alam ng dakilang Kompositor kung anong nakalakip dito. Alam Niya. Kilala ka na Niya, mula pa sa pasimula. Inilagay Niya ang iyang pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero, bago pa man maitatag ang sanlibutan. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Alam Niya mismo kung anong gagawin mo. Kahit gaano pang kababa ang puntahan, at kahit gaano mang kadilim tingnan, dadaanan at dadaanan talaga 'yun.

²⁴⁵ Pero, alalahanin n'yo, kahit bumaba na nang husto sa mga anino ng kamatayan, "Ako ang muling pagkabuhay at ang Buhay; Akin siyang babangunin muli." At kapag dumating na ang dakilang Taga-kumpas at dala-dala ang baton na 'yun, hayan nga't, "hindi na magluluwat ang panahon." Kapag ang Anghel na 'yun, ng ika-10 kabanata ng Apocalipsis, ay iniapak na ang isang paa sa lupa at ang isa sa dagat, at may bahaghari sa Kanyang ulunan, manunumpa Siya, "hindi na magluluwat ang panahon." Kapag dumating na ang oras na 'yan, kayo nga'y magsisibangon mula sa mga patay. Samantalang ang iba ay magsisihimlay lang doon, kayo nama'y papasok.

²⁴⁶ Manatili kayo sa Simponya. Manatili kayo sa Salita ng Diyos. Kahit na gaano pang kahirap 'yun, manatili talaga kayo Roon, sa kung saan kumukumpas ang Diyos.

²⁴⁷ Kung minsan ay nagdudulot Siya ng pagkasakit para sirain ang mga gapos, para palayain kayo. Ganoon nga ang ginagawa Niya. Sasabihin n'yo, "Buweno, hindi ko alam kung ano nang gagawin ko." Nalalaman Niya. Kaya anong pag-aalinlanganan? Inyo lamang—inyo lamang ginaganap ang bahagi. Siya ang may hawak sa inyo sa Kanyang kamay. Siya ang nangunguna para sa inyo.

²⁴⁸ Alalahanin, ang lahat ay ipinangyayari sa pamamagitan ng tanda. Nakikita na natin ang panahong kinabubuhayan natin, sa pamamagitan ng tanda na kinabubuhayan natin, kaya alam natin kung ano nang ginagawa ng Simponya ngayon. Panahon na ng paghihiwalay, inihihiwalay ang Liwanag mula sa dilim.

²⁴⁹ Sabay-sabay po nating sabihin ito nang sama-sama, para hindi n'yo makalimutan, dahil nararamdaman ko po na dapat ko itong sabihin. [Sabay na nagsasalita si Kapatid na Branham at ang kongregasyon—Pat.]: "Ito ang paghihiwalay ng Liwanag

mula sa dilim.” Sabihin po natin uli. “Ito ang paghihiwalay ng Liwanag mula sa dilim.”

²⁵⁰ Yan po ang Simponya ng Diyos. Kanya itong ipinapakita sa himpapawid. Kanya itong ipinapakita sa mga pisara. Kanya itong ipinapakita sa pamamagitan Niya Mismo. Kanya itong ipinangako sa Salita. Nakikita na natin ito na pinagtitibay na. Kanya nang inihhiwalay ang trigo sa ipa. Inihhiwalay Niya ang Liwanag mula sa dilim.

²⁵¹ Inyo na bang sinasampalatayanan Siya, nang buong puso n’yo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Tayo po’y umawit ng mainam na awitin natin, kung ganoon.


²⁵² At nais ko pong mag-iwan ng kaunting pagbati sa mga pastor, sandali. Mga kapatid, pagpalain kayo ng Panginoon. Salamat sa pagpapalabas n’yo sa inyong mga kongregasyon at nadala n’yo sila rito. Sa inyo na mga pastor sa dako riyon, ako po’y lubos na nagpapasalamat sa inyo. Narito po ako . . .

²⁵³ Hayaan n’yong sabihin ko ito, mga kapatid, marahil may mga Methodist, Baptist, Presbyterian dito. Naririnig n’yo ba, ako ay nangungusap din na gaya nun sa mga Pentecostal gaya ng pangungusap ko sa inyo? Pareho po, kita nyo. Di po ito . . .

²⁵⁴ Magawa ko mang di sumang-ayon sa isang tao, nang may pagkamariin, haya’t iibigin ko pa rin siya . . . Dahil, kung ako’y di sasang-ayon sa kanya, para lang masabi na di ako sang-ayon sa kanya, lalabas na ipokrito ako; hindi ako nararapat na tumayo rito sa itaas. Pero kung di ako sang-ayon sa kanya pero dahil sa pagbubuklod at pag-ibig at pag-unawa, kahit ano pa ’yang magawa niya, siya’y mananatiling kalugud-lugod na kapatid sa akin. Tatayo ako kasama siya. Tunay, siyanga. Ganoon mismo. Kung hindi ’yun ang nasa puso ko, haya’t alisin nawa ako ng Diyos sa pulpitong ito, hindi ako nararapat na tumayo rito. Tama. Sinasabi ko po ito dahil sa pag-ibig, at isa itong bagay na nakikita kong parating. At hindi nga Niya ako pahihintulutan na magkamali rito, mapasa hanggang ngayon, dahil ito’y Salita Niya sa tuwina. Kaya, pagpalain kayo ng Diyos.

²⁵⁵ Ngayon atin nang iyuko ang ating mga ulo pansumandali, at awitin ang mainam, na lumang awiting ito na lagi nating inaawit, “I love Him, I love Him.” Kung mamarapatin po ng piyanista, o kung sinuman, o ng nangangasiwa sa musika, kung maaari lamang na bigyan kami ng maikling tipa rito, sa tingin ko. Ganoon po ba, sige, tingnan natin kung maaawit natin ito nang walang tugtog. Bawat isa po ngayon, habang nakayuko ang ating mga ulo.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary’s tree.

²⁵⁶ Sa palagay ko'y itinigil na nila ang mga teyp ngayon. Kita n'yo, ang teyp na ito ay nakakarating sa bawat . . . 

SHALOM TAG64-0119
(Shalom)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng hapon, Enero 19, 1964 sa Ramada Inn sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org